


# 1 SULAT SA MGA TAGA-CORINTO

Hangang-hanga ang ilan sa atin sa mga unang Kristiyano na para bang sila na ang pinakahuwaran ng lahat ng kabutihan. Pero ang totoo'y pareho lamang sila noon sa atin ngayon.

Sa pagkakataong ito, tulad sa iba pang lugar, mga taong tulad natin ang kausap ni Pablo. Naiiba ang Corinto sa iba pang mga siyudad sa Mediterraneo sapagkat nasa pagitan ito ng dalawang golpo kaya naman napakaganda ng lokasyon nito. May dalawang daungan ito, isa sa silangan at isa sa kanluran, na pinagdugtong ng malasementadong daan kung saan "itinatawid" ang mga barko na sakay sa malalaking karitong hila ng mga baka. Kaya hindi na maglalayag pa patimog sa Gresya na mahaba at mapanganib na paglalakbay. May bayad siyempre ito. Malaki ang naitulong nito sa pananalapi ng bayan at nangailangan din ito ng maraming trabahador, ibig sabihi'y mga alipin. Sa lunsod ay may templong nakatalaga para sa diyosang si Aphrodite na siyang diyosa ng pag-ibig para sa mga Griyego. At sa templong iyon, at dahil na rin sa pera, lumaganap ang "sagradong" prostitusyon, na walang anumang sagrado liban sa pangalan nito. Libu-libo ang mga prostituta.

At malapit sa Corinto, may palaro namang idinaraos tuwing ikalawang taon na halos kapareho ng ating *Olympic Games*. Marami ang pumupunta roon. Mapapansin natin sa dalawang sulat na ito ni Pablo ang mga deretsahang pagtukoy niya sa iba't ibang aspektong ito sa kasaysayan ng Corinto: ang pagkakaroon ng mga alipin, prostitusyon at palaro sa istadyum.

Bunga ng pangangaral ni Pablo, nabuo ang Iglesya sa Corinto na binubuo ng mga Judio at mga Griyego. Masigla ang pamayanang ito ngunit medyo magulo. Marami sa kanila ang nanganganib bumalik sa dati nilang mga bisyo pagkalipas ng sigasig ng mga unang taon sa pagkakristiyano. At mukhang hindi kayang harapin ng mga responsable sa Iglesya ang gayon karaming problema: ang pagkakahati-hati at pagdududa sa pananampalataya. Kaya dumulog sila kay Pablo na sumulat ng liham na ito sapagkat hindi niya maiiwan ang kanyang gawain sa Efeso.

Mapapansin natin ang kapangyarihan ni Pablo sa pamumuno niya sa Iglesya sa ngalan ni Kristo, kahit na sa malayo. Gayon din naman sa kanyang pagtuturo: bago sagutin ang anumang tanong, inilalahad muna niyang muli ang mga saligan ng pananampalataya.

Sa gitna ng paganong daigdig, mga bagay na may kinalaman din sa ating panahon ang pinoproblema ng mga taga-Corinto noon:

– ang tungkol sa di-pag-aasawa at pag-aasawa,

– ang pamumuhay sa piling ng mga di-Kristiyano,

– ang mga pagtitipon para sa pagdiriwang ng eukaristiya at paggamit ng mga "kaloob na espirituwal,"

– ang pagkabuhay ng mga patay.

**1** • 1 Bumabati si Pablo, na niloob
ng Diyos na tawagin at maging
apostol ni Kristo Jesus, at si Sostenes na
ating kapatid 2 sa Iglesya ng Diyos na
nasa Corinto.

Bati sa inyong mga pinabanal kay
Kristo Jesus at tinawag upang maging
banal kasama ang lahat sa bawat lugar na
tumatawag sa pangalan ng ating Pangi-
noong Jesucristo, ang Panginoon nila at
atin.

3 Sumainyo ang biyaya at kapayapaan
mula sa Diyos na ating Ama at mula sa
Panginoong Jesucristo.

4 Lagi akong nagpapasalamat sa Diyos
para sa inyo dahil sa biyaya ng Diyos na
ipinagkaloob sa inyo kay Kristo Jesus.
5 Talaga namang sa lahat ng bagay kayo
pinayaman sa kanya, sa bawat uri ng
pananalita at karunungan; 6 pinagtibay
nga sa inyo ang pagpapatotoo ni Kristo.
7 Hindi na kayo nagkukulang sa anumang
kaloob na espirituwal habang hinihintay
ninyo ang pagpapakita ng ating Pangi-
noong Jesucristo. 8 Patitibayin niya kayo
hanggang sa wakas, upang maging wa-
lang-sala sa araw ng ating Panginoong
Jesucristo. 9 Tapat ang Diyos na siyang
tumawag sa inyo sa samahan ng kanyang
Anak na si Jesucristong ating Panginoon.

### Pagkakabaha-bahagi ng mga banal

• 10 Nakikiusap ako sa inyo, mga ka-
patid, sa ngalan ng ating Panginoong

---

• **1.**1 *Si Pablo, na niloob ng Diyos na tawagin at maging apostol, sa Iglesya ng Diyos na nasa Corinto... kasama ang lahat sa bawat lugar na tumatawag sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo.* Sa tatlong pahayag na ito, ipinagtatanggol ni Pablo ang kanyang awtoridad. Madaling natatabunan ng kanilang mga hidwaan ang mga taga-Corinto kaya ipinaaalala ni Pablo sa kanila na bahagi sila ng mas malawak na realidad, ang unibersal na Iglesya ng Diyos.

*Tinawag upang maging banal.* Magpakabanal kayo, pero banal na nga kayo. Para sa biblia, *banal* ang tao o bagay na laan para sa Diyos. Itinalaga na para sa Diyos ang taong bininyagan kayat bahagi na siya ng sambayanang pag-aari ng Diyos, *ang kalipunan ng mga banal,* na walang iba kundi ang Iglesya.

Hindi ipinahihintulot ng tawag ng Diyos na manatili sila sa dati nilang kalagayan. Agad naman silang nakibagay sa moralidad ng kanilang kapaligiran. Ngunit ngayon, hinihingi ng tawag ng Diyos ang pagwawaksi sa isang klase ng pananaw sa buhay na batay sa kung ano ang likas. Kailangang mabigyan sila ng direksyon tungo sa huwarang pamumuhay na matatagpuan kay Kristo.

*Kay Kristo.* Maisasafilipino ayon sa gamit ang katagang Griyego na ginamit ni Pablo bilang *kay* o *sa pamamagitan* o *kasama*. Maraming kahulugan meron ang "kay Kristo":

– Mga anak tayo ng Dyos na ginawa ayon sa "larawan" ng bugtong na Anak ng Diyos, at *kay Kristo,* mahal tayo ng Diyos.

– *Sa pamamagitan ni Kristo,* inililigtas tayo ng Diyos Ama.

– Tinatawag tayo ng Ama na makibahaging *kasama ni Kristo* sa kanyang pamana.

– Naging bahagi tayo ng katawan ni Kristo, nabubuhay tayo *kay Kristo* at tinanggap natin ang kanyang Espiritu.

– Unang ginamit sa Antiokya (Gawa 11:26) ang salitang "Kristiyano" para sa mga alagad ni Kristo, at hindi pa malawakang ginagamit. Kadalasa'y Kristiyano rin ang ibig sabihin ng mga katagang "kay Kristo." Kaya "pagpapakasal sa paraang Kristiyano" ang kahulugan ng "pag-iisandibdib kay Kristo."

Basahin ang mga pagpapasalamat ni Pablo sa mga bersikulo 4-9: hindi nga perpekto ang pamayanan pero naroon pa rin ang mga yaman at pagpapala ng Diyos.

Sa kanyang payo sa mga taga-Corinto, ipinakikita sa atin ni Pablo kung paano natin susuriin at babalangkasin ang mga gawain ng ating parokya o samahang Kristiyano. Sa halip na panghinaan tayo ng loob dahil sa mga problema at magsisihan kapag may pumalpak, ang una nating dapat gawin ay alalahanin kung ano ang nasa atin nang lahat.

Sa totoo'y kailangang harapin ng mga pamayanang ito, tulad ng sa atin, ang kanilang mga problema at mga kahinaan. Kailangang matutuhan ng bawat salinlahi ng mga Kristiyano ang pagsunod kay Jesus at "pagtatayo ng Iglesya" o "pagiging Iglesya."

*Patitibayin niya kayo hanggang wakas* (8). Ang pagbabalik ni Kristo ang pag-asang nagpapaigting sa pananampalataya. Inaasahan ng unang salinlahi ng mga Kristiyano na masasaksihan nila ang maluwalhati niyang pagdating: huhukuman niya ang daigdig at isasama ang mga kanya (1 Tes 4:13).

• 10. Ang pagkakahati-hati ng mga Kristiyano ang unang kasalanan ng Iglesya. May ilang apostol (basahin 12:28) na dumaan sa Corinto. At sinamantala naman ito ng ilang kasapi ng pamayanan para ipakita kung sino sila sa pagpapahayag ng katapatan sa isang lider at hindi sa iba: isang paraan para makapagmagaling at maitampok ang sarili.

*Magkasundo kayo at mawala na sana ang inyong pagtatalo* (10): magkabuklod bilang isang mag-anak. Mauunawaan lamang ang payong ito kung ang Iglesya ay isang pamayanang nagdadamayan at nagkakaisa sa

Jesucristo, na magkasundo kayong lahat.
Mawala na sana ang inyong mga pagta-
talo. Magkaisa nawa kayo sa iisang diwa
at pagpapasya.
11 Sapagkat ipinarating sa akin ng mga
tao ni Cloe na mayroon kayong pagtatalo,
mga kapatid ko. 12 Ito ang aking tinutukoy
– sinasabi ng bawat isa sa inyo: “Kay
Pablo ako”, o “Kay Apollo ako”, o “Kay
Kefas ako”, o “Kay Kristo ako”. 13 Hati ba
si Kristo? Si Pablo ba ang ipinako sa krus
para sa inyo? O bininyagan ba kayo sa
ngalan ni Pablo?
14 Nagpapasalamat ako na wala akong
bininyagan sa inyo maliban kina Crispus
at Gaius, 15 at baka may magsabing binin-
yagan kayo sa ngalan ko. 16 (Bininyagan
ko rin nga pala ang sambahayan ni Ste-
phanas. Bukod pa rito, hindi ko na alam
kung mayroon pa akong bininyagan.)

**Ang kalokohan ng krus**

• 17 Hindi nga ako isinugo ni Kristo
upang magbinyag kundi upang ipangaral
ang ebanghelyo. At hindi sa mapagmaru-
nong na pananalita, upang di mapa-
walang-bisa ang krus ni Kristo. 18 Kata-
ngahan talaga ang salita ng krus para sa
mga napapahamak, subalit kapangya-
rihan ito ng Diyos para sa ating mga nali-
ligtas. 19 Nakasulat nga: *“Sisirain ko ang
karunungan ng marurunong, at ang ta-
lino ng matatalino ay aking bibiguin.”*
20 At ano’ng naiiwan sa taong marunong?
Ano sa manunulat? Ano sa pilosopo ng
kapanahunang ito? Hindi ba’t ginawang
tanga ng Diyos ang karunungan ng daig-
dig?
21 Hindi kinilala ng mundo ang karunu-
ngan ng Diyos nang magsalita siya ng
karunungan kaya minabuti ng Diyos na
iligtas ang mga naniniwala sa pamama-
gitan ng katangahang ipinangangaral
namin.
22 Humihingi ang mga Judio ng mga
palatandaan at naghahanap ang mga
Griyego ng karunungan, 23 subalit ipina-
ngangaral namin si Kristong ipinako sa
krus, isang iskandalo para sa mga Judio
at katangahan para sa mga di-Judio.
24 Ngunit si Kristo pa rin siya na kapang-
yarihan ng Diyos at karunungan ng Diyos
para sa mga tinawag, maging Judio man
o Griyego.

---

mga alalahanin. Pero medyo iba kapag napakaraming taong may iba’t ibang katayuan sa buhay at maaaring salungat sa isa’t isa ang nagkakatipon sa Iglesya. Sa ganitong pagkakataon kailangang magkaisa ang pamayanang Kristiyano, hindi sa pagwawalang-bahala sa realidad at di pag-uusap tungkol sa kanilang di-pagkakapantay-pantay kundi sa pagkilala at pag-amin sa mga pagkukulang ng bawat isa at ng buong pamayanan sa araw-araw. Hindi pagtitipon ng mga “nakatunganga” at “makalangit” na tao ang Iglesya.

*Hindi ako sinugo ni Kristo para magbinyag* (17). Samantalang sariling mga problema ang pinagkakaabalahan ng Iglesya, ipinaaalala sa kanila ni Pablo ang kanilang misyon: ang pangangaral ba ng Ebanghelyo ang una nating dapat pagkaabalahan o ang pag-aagawan ng puwesto sa pamayanan?

• 17. Hindi man magagaling na “intelektuwal” ang mga Kristiyanong ito sa Corinto pero dahil mga Griyego sila, mahilig pa rin sila sa mahuhusay na talakayan at gusto nilang makilala bilang mga edukadong tao. Nang panahong iyon sa buong imperyo ng Roma, naghahanap ang mga tao ng mga kaalamang para lamang sa iilan. At may mga tao sa Iglesya na naniniwalang pananampalataya ang siyang daan tungo sa mas mataas na kaalaman. Kaya sasabihin sa kanila ni Pablo na nasa krus lamang ang kabuuan ng karunungan ng Kristiyano.

*At… upang di mapawalang-bisa ang krus ni Kristo.* Nasa mensaheng ipinangangaral natin at sa paraan ng ating pangangaral dapat ang krus.

Sa ating pag-eebanghelyo, lagi nang kakailanganing pagkasyahin natin at paghusayin ang mahihinang pamamaraang meron tayo sa mundong ito na nasa ilalim ng medya, kasabay ng pag-asa sa Diyos sapagkat mahina nga tayo at walang anumang titulo. Kakailanganing ipaalala natin sa ating mga pamayanan ang karukhaan ni Jesus at maging handa sa puna ng mga nakaririwasa sa daigdig.

*Tingnan kung ano kayong mga tinawag* (26). Mga ordinaryong tao ang bumubuo sa Iglesya sa Corinto, at ito ang kanilang lakas. May kanyang lugar at misyon ang bawat isa sa Iglesya. Ngunit may pangunahing lugar sa pag-eebanghelyo sa daigdig ang mga ordinaryong tao at mga pobreng pamayanan na kadalasa’y pinag-uusig at minamata. Gusto ng Diyos na sila ang mag-ebanghelyo sa mayayaman, at kung minsa’y maging sa herarkiya ng Simbahan.

25 Mas marunong ang katangahan ng
Diyos kaysa mga tao, at mas malakas pa
ang kahinaan ng Diyos kaysa mga tao.
26 Tingnan na lamang ninyo, mga
kapatid, kung ano kayong mga tinawag.
Hindi marami sa inyo ang marunong ayon
sa karaniwang akala, hindi marami ang
mahahalaga, hindi marami ang isinilang
na maharlika. 27 Ngunit pinili ng Diyos ang
tanga sa mundo upang hiyain ang
marunong, pinili ng Diyos ang mahina sa
mundo upang hiyain ang malakas. 28 Pinili
ng Diyos ang mababa at hamak sa
mundo, kahit na ang mga bagay na wala,
upang puksain ang mga umiiral – 29 *at
nang huwag nang makapagmalaki ang
sinumang tao sa harapan ng Diyos.*
30 Siya ang gumawa na kayo'y na kay
Kristo Jesus, na ginawang ating karu-
nungang galing sa Diyos, at ginagawa
tayong matuwid. Siya ang ating kaba-
nalan at katubusan. 31 Sa gayon, pinatu-
nayan ang nakasulat: *Ang Panginoon
nawa ang ipagmalaki ng sinumang
nagmamalaki.*

**2** • 1 Nang dumating ako sa inyo,
mga kapatid, upang ipahayag sa
inyo ang misteryosong balak ng Diyos,
hindi ako gumamit ng mga matayog na
pananalita o karunungan.
2 Talagang ipinasya kong walang
malaman sa piling ninyo maliban kay
Jesucristo na siyang ipinako sa krus. 3 At
ako ay mahina, takot at nangangatog
nang husto noong pinuntahan ko kayo.
4 Wala namang mapanghikayat na mga
salita o karunungan sa aking pananalita at
pahayag. 5 Sa halip nagkaroon ng pagpa-
patunay ng espiritu at kapangyarihan
upang huwag magmula ang pananam-
palataya ninyo sa karunungan ng tao
kundi sa kapangyarihan ng Diyos.

### Ang Espiritu ang nagtuturo sa atin ng karunungan

• 6 Sa mga ganap na naniniwala
naman, mayroon kaming karunungang
sinasalita. Hindi isang karunungang mula
sa kapanahunang ito, ni mula sa mga
pinuno ng kapanahunang ito: pina-
walang-bisa niya ang mga iyon. 7 Sina-
salita namin ang misteryosong balak ng
lihim na karunungan ng Diyos, ang
itinalaga na ng Diyos sa simula pa para
dalhin tayo sa kaluwalhatian.

---

• **2.**1 *At ako ay mahina, takot.* Malamang ngang nanghina si Pablo nang una niyang ipangaral ang Ebanghelyo sa isang mariwasang lunsod ng mga Griyego na sanay sa pagkakaroon ng mga alipin at imoralidad. Pareho ang ating nararanasan sa pag-eebanghelyo sa kasalukuyang daigdig: mahalaga ang paghahanda pero ano ang maghahanda sa atin? Inaanyayahan tayo ni Pablo na tanggapin ang hiwaga ng krus at matagpuan dito ang lakas ng Espiritu.

*Nagkaroon ng pagpapatunay ng Espiritu at kapangyarihan* (5): ang kapangyarihan ng Espiritu, ng panalangin, ng pagdurusa. Ibunuhos ang Espiritu matapos magdusa at mamatay si Jesus. Ngunit maaasahan natin ang lahat sa piling niya. Walang saysay ang mga pagpapagaling at mga himala (at ginagamit din ng demonyo ang mga ito) kung hindi nalalahad sa mga ito ang pananampalataya kay Jesus na ipinako sa krus, na siyang gumagawa sa mga hamak at nasa mga dukha.

• 6. Hindi hinangad ni Pablo na ituring siyang matalino at magaling na tagapagsalita ng mga nakaririnig sa kanya. Ngunit *may karunungan siyang sinasabi sa mga nasa kahustuhan ng pananampalataya* (6). "Sa mga perpekto" ang literal na sinasabi ng teksto. Nang panahong iyon, "perpekto" ang tawag ng ilang relihiyon sa sinumang mananampalatayang tumanggap ng kung anong lihim na karunungang hindi ipinagkaloob sa iba pang mga miyembro ng naturang sekta. At maging sa Iglesya, may ilan na mas mataas ang tingin sa sarili dahil sa tinanggap nilang mga kaloob ng Espiritu lalo na't walang patid silang nakapagsasalita tungkol sa pananampalataya.

Ngunit sinasalungat sila ni Pablo sa pamamagitan ng pagkapropeta niya at apostol na mga kaloob din sa kanya. Naituturo niya ang mahahalagang katotohanang ito sa paggamit ng kaunting salita at tunay na maihahayag lamang ng mga nakaranas na sa Diyos na buháy. At ano ang mga lihim na ito? Una, kung ano ang Diyos para sa atin at kung ano ang gusto niyang ibigay sa atin (b. 7 at 12).

Iniaalok sa atin ng pananampalatayang Kristiyano ang di maibibigay ng anumang relihiyon o turo ng tao. Ngunit kung minsan, kung ihahambing natin ang ating sarili sa mga di-Kristiyano, parang pareho lamang ang ating mga sinasabi sa ibang pananalita. Totoo ito tungkol sa ating mga saloobin at pinagpipilian sa buhay. Ngunit hindi tayo dapat mangambang sabihin

8 Wala sa mga pinuno ng mundong ito
ang nakaalam niyon. Sapagkat kung
alam nila, hindi sana nila ipinako sa krus
ang Panginoon ng kaluwalhatian. 9 Sinabi
namin ayon sa nakasulat: *Ang hindi
nakita ng mata, at hindi narinig ng
tainga, at hindi nagmula sa puso ng tao,
ang siyang inihanda ng Diyos para sa
mga nagmamahal sa kanya.* 10 Ibinunyag
ito ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng
espiritu. Sapagkat sinusuri ng espiritu ang
lahat, kahit na ang mga kalaliman ng
Diyos.

11 At sino ba ang nakaaalam sa mga
bagay na nasa tao bukod sa espiritu ng
tao na nasa kanya? Kaya rin nga sa mga
bagay ng Diyos ay walang nakaaalam
bukod sa espiritu ng Diyos. 12 At tayo,
hindi ang espiritu ng mundo ang ating
tinanggap kundi ang espiritung mula sa
Diyos, at sa gayon natin nauunawaan ang
mga ipinagkaloob sa atin ng Diyos.

13 Sinasabi namin ito, hindi sa mga
salita at karunungang itinuro ng tao,
kundi sa mga salitang itinuro ng espiritu:
sinasalita namin nang espirituwal ang
mga bagay na espirituwal. 14 Hindi tina-
tanggap ng taong makalupa ang nauukol
sa espiritu ng Diyos; kalokohan talaga
para sa kanya ang mga ito. At hindi niya
nauunawaan ang mga ito, dahil sa
hinuhusgahan lamang ito nang espiritu-
wal. 15 Nakapaghuhusga naman sa lahat
ang taong espirituwal at hindi siya
mahuhusgahan ninuman. 16 *Sino ba
talaga ang nakaaalam sa isip ng Pangi-
noon upang siya ay turuan?* Ngunit
taglay naman natin ang isip ni Kristo.

**Maraming tao, iisang gawain**

**3** • 1 Pero, hindi ko kayo makausap bi-
lang mga taong espirituwal, mga ka-
patid, kundi bilang mga makamundo,
bilang mga sanggol sa Kristiyanong
buhay. 2 Gatas ang ipinainom ko sa inyo,
hindi pagkain; sapagkat talagang hindi pa
ninyo kaya. At kahit na ngayon, hindi pa
rin ninyo kaya, 3 dahil sa makamundo pa
rin kayo. Habang may inggitan at palig-
sahan sa inyo, hindi ba kayo makamundo
at namumuhay ayon sa pamantayan ng
tao?

4 Habang may nagsasabi: "Kay Pablo
ako," at ang isa naman: "Kay Apollo ako,"
hindi ba kayo mga makalupang tao
lamang?

---

ang mga yamang bigay sa atin ng Diyos kay Kristo: ibinibigay sa atin ng kanyang Espiritu ang hindi pa kailanman natalos ninuman.

Hindi pangkaisipan ang ganitong kaalaman kundi kaloob ng Espiritu na nagpapaging-ganap sa atin sa iisa at tanging katotohanan. Ngunit napakahirap ipaliwanag ang tunay na karanasan ng espiritu. Makapangungusap lamang tayo ng karunungan sa mga nakarating na sa isang antas ng espiritu. Kaya sinasabi ni Pablo sa mga taga-Corinto na hindi siya mapupulaan ng marami sa kanila.

Hindi nararating ng *nananatiling makalupa* ("makalaman" ang literal na sinasabi ni Pablo) ang katotohanan ni Kristo. Ngunit sa kaloob ng Diyos, alam ng taong espirituwal na hindi naman pangkaisipan ang mga bagay ng Diyos.

*Nahuhusgahan ng taong espirituwal ang lahat at wala namang nakapaghuhusga sa kanya.* Hinding-hindi makukumbinsi ng nakakakita ang bulag na meron ngang mga kulay. Nakikita niya ang mga ito at alam niyang kung hindi kita ng bulag ang mga ito, wala sa mismong mga kulay ang problema kundi dahil walang paningin ang bulag para sa mga ito. Ganito rin para sa taong espirituwal at sa makalaman.

• **3.**1 *Inilagay ko ang pundasyon gaya ng magaling na arkitekto* (10). Nagtatag ng mga iglesya si Pablo at kasunod naman niyang dumating ang iba – mga apostol, mga propeta o guro – para mangaral sa mga tao at palakasin ang kanilang loob. Hindi nagseselos si Pablo ngunit maaaring sariling pangalan ang hangad ng ilan sa kanila at nalilimutan nilang sa Diyos lamang ang Iglesya. Maaari rin namang pinaghahambing ng mga Kristiyano ang mga apostol, at ginagawa ito dahil hindi nila alam kung ano ngang talaga ang gawain ng apostol.

*Susubukin sa apoy ang uri ng gawa ng bawat isa* (13). Pananalita at larawan ng kanyang panahon ang ginagamit ni Pablo. Parang parating na ang araw ng paghuhukom ng Diyos at akala ng marami'y dadalisayin ng Diyos sa apoy ang mundo. Kaya sinasabi ni Pablo na tutupukin ang maraming gawain ng apostol (tone-toneladang dokumentong para sa apoy!) na mga "pausok" lamang. Hindi naman siyempre impiyerno ang katapat ng paglilingkod kay Kristo nang may di-malinis na intensyon. Ngunit kakailanganin ang pagdalisay sa sarili. Ipinahihiwatig dito ang paniwala natin sa purgatoryo na isang proseso ng pagdalisay sa panahon ng kamatayan o pagkamatay para sa mga

5 Ano nga ba si Apollo? Ano ba si
Pablo? Mga lingkod sila. Sa pamamagitan
nila kayo sumasampalataya ayon sa
itinalaga ng Panginoon sa bawat isa. 6 Ako
ang nagtanim, si Apollo ang nagdilig, at
Diyos naman ang nagpatubo. 7 Hindi ang
nagtatanim o ang nagdidilig ang maha-
laga kundi ang Diyos lamang na siyang
nagpapatubo.

8 Pareho lamang ang nagtatanim at ang
nagdidilig ngunit babayaran ang bawat isa
batay sa kanyang trabaho. 9 Sapagkat sa
Diyos, kami ay magkasama sa trabaho.
Mga katulong kami ng Diyos at kayo
naman ang bukid ng Diyos, o ang itina-
tayo ng Diyos.

10 Ayon sa biyaya ng Diyos na ipinag-
kaloob sa akin, ako ang naglagay ng
pundasyon na tulad ng isang magaling na
arkitekto, ito nga ang kakayahang
ipinagkaloob ng Diyos sa akin. At iba
naman ang magtatayo dito. Mag-ingat
lamang ang bawat isa kung paano siya
nagtatayo. 11 Hindi puwedeng mailagay
ang isang naiibang pundasyon maliban sa
nailagay na, si Jesucristo. 12 Ngunit sa
pagtatayo sa pundasyong ito, kung may
gumagamit ng ginto, pilak, mga mama-
haling bato, kahoy, dayami, o pinagga-
pasan, 13 ilalantad ang gawa ng bawat isa.
Ituturo iyon ng araw ng Paghahatol.
Sapagkat ihahayag ito. Ang apoy ang
maglalantad, at susubukin sa apoy ang uri
ng gawa ng bawat isa. 14 Kung manatili
ang gawa ng nagtayo, gagantimpalaan
siya; 15 kung matupok naman ang gawa,
siya ay mawawalan. Maliligtas nga siya
pero gaya lamang ng nagdaan sa apoy.

• 16 Hindi ba ninyo alam na templo
kayo ng Diyos at nananahan sa inyo ang
espiritu ng Diyos? 17 Kung may wawasak
sa templo ng Diyos, wawasakin din siya
ng Diyos. Tunay na banal ang templo ng
Diyos na kayo mismo.

**Huwag hatiin ang Iglesya**

• 18 Huwag mandaya sa sarili ang
sinuman. Kung may kinikilalang maru-
nong sa inyo, sa mundong ito, maging
tanga nawa siya upang siya'y maging
marunong. 19 Sapagkat ang karunungan
ng mundong ito ay katangahan para sa
Diyos. Naisulat nga na: *Huli ng Diyos ang
marurunong sa kanilang katusuhan.* 20 At
muling naisulat na: *Alam ng Panginoon
ang mga isip ng marurunong, walang
saysay ang mga ito.*
21 Kaya huwag ninyong ipagmalaki ang
sinuman; sa inyo nga ang lahat maging si
22 Pablo o si Apollo o si Kefas o ang
mundo o ang buhay o kamatayan, pati na
ang kasalukuyan at kinabukasan. 23 Sa
inyo ang lahat at kay Kristo naman kayo
at si Kristo ay sa Diyos.

---

hindi ganap na nabago ng Espiritu ng Diyos (basahin ang paliwanag sa Mt 5:21).

• 16. *Hindi n'yo ba alam na templo kayo ng Diyos* (16)? Si Kristo ang bagong Templo na kapalit ng templo ng mga Judio (Jn 2:19 at Mc 15:38). Si Kristo ang Templo ng Diyos sapagkat sa kanya namamalagi ang hiwaga ng Diyos. Templo rin ng Diyos ang Iglesya sapagkat sa kanya gumagawa ang Espiritu Santo. At Templo pa rin ng Diyos ang bawat tahanan at bawat Kristiyano (6:19) sapagkat nananahan ang Espiritu sa bawat isa.

• 18. *Sa inyo ang lahat at kay Kristo naman kayo.* Matutunghayan natin dito kung ano talaga ang kalayaan ng Kristiyano.

Sa isang dako, alalahanin natin ang sinasabi ng mga pilosoper na di-Kristiyano: "Mga tao ang lumikha sa Diyos mula sa pagiging miserable nila. Anuman ang nakita nilang kulang para maging magaling at maligaya, itinuring nilang nasa "Diyos" ito na siyang meron ng lahat. At sa kanilang pagsamba sa kanya, nadarama nilang kaisa sila nito at nalilimutan nila ang kanilang pagkamiserable." Hindi mali ang paniwalang ito dahil gumagawa ng mga "idolo" ang mga tao, ang iba'y may iidolong mga mang-aawit, mga artista o mga pulitiko. At masaya na sila kapag tinatamasa ng kanilang idolo ang lahat na wala naman sa kanila. Magpapakamatay sila para sa mga simulaing hindi naman kanila at ipinagmamalaki pa ang mga tao at mga institusyong nagsasamantala sa kanila. Ngunit pinag-iingatan ng Kristiyano na maging "idolo" ang mga nasa kapangyarihan: may sarili siyang buhay at pag-iisip. At maging sa Iglesya, ang Diyos ang kaharap niya at wala siyang ibang tagapamagitan liban kay Kristo, at wala sa kanya ang "pagsamba" sa mga kilalang tao.

4 1 Kaya ituring nawa kaming mga
katulong ni Kristo at mga katiwala ng
mga misteryo ng Diyos. 2 Kung saan may
katiwala, hihingin sa kanila na mapag-
katiwalaan. 3 Gayunman, hindi ko binibig-
yang-halaga ang paghusga ninyo sa akin
o ang paghusga ng anumang hukuman.
Ni hindi ko nga hinuhusgahan ang aking
sarili. 4 Hindi ako isinasakdal ng aking
budhi pero hindi ito ang nagbibigay
katwiran sa akin. Ang Panginoon ang
humahatol sa akin.

5 Kaya huwag kayong humatol nang
wala sa panahon, hanggat hindi pa
dumarating ang Panginoon. Ibubunyag
niya ang mga lihim na nasa dilim. At ang
mga layuning nasa puso. At papupurihan
ng Diyos ang bawat isa.

6 Tungkol sa aking sarili at kay Apollo,
mga kapatid, ang mga paghahambing na
ginagamit ko dahil sa inyo. Matuto kayo
sa ating kalagayan na huwag magyabang
sa isa't isa. 7 Ano talaga ang nagtatangi sa
iyo? At anong mayroon ka na hindi mo
tinanggap? At kung tinanggap mo ito,
bakit ka nagyayabang na parang hindi ito
tinanggap?

**Maginhawang mga Kristiyano**
**at inuusig na mga apostol**

• 8 Ngayo'y punung-puno na kayo!
Ngayo'y mayaman na kayo! Naghari
kayo nang wala kami! At harinawa'y
maghari kayo upang maghari rin
kaming kasama ninyo.

9 Pagkat sa palagay ko'y inilagay ng
Diyos kaming mga apostol na pinakahuli
sa lahat, na parang mga bibitayin at
naging palabas para sa mundo, sa mga
anghel at mga tao.

10 Mga tanga kami dahil kay Kristo,
pero kayo ay maalam kay Kristo. Mahina
kami, pero kayo ay malakas. Kayo'y
iginagalang, pero kami ay binabastos.
11 Hanggang sa oras na ito, nagugutom
kami at nauuhaw; wala kaming maisuot,
nabubugbog, at gumagala. 12 Nagpapa-
kapagod kami at nagtatrabahong gamit
ang mga kamay. Inaalipusta kami at
nagsasalita naman kami nang maayos;
inuusig kami at kami nama'y nagtitiis.
13 Kapag sinisiraan, kami'y nakikipag-
ayos. Para nga kaming naging basura ng
mundo, ang pinaglinisan ng lahat hang-
gang sa ngayon.

14 Hindi ko isinusulat ang mga ito para
hiyain kayo, pero upang pagsabihan
kayong mga mahal kong anak. 15 Pagkat
kahiman sampung-libo ang umaakay sa
inyo kay Kristo, hindi naman marami ang
ama. At ako ang nagsilang sa inyo kay
Kristo Jesus sa pamamagitan ng
ebanghelyo. 16 Kaya nagsusumamo ako
sa inyo, tularan ninyo ako. 17 Ito ang
dahilan kung bakit ipinadala ko sa inyo si
Timoteo, na aking mahal at tapat na anak
sa Panginoon; paaalalahanan niya kayo
sa aking Kristiyanong pamumuhay tulad
ng itinuturo ko sa lahat ng lugar sa bawat
iglesya.

18 Naging mayabang ang ilan sa inyo sa
pag-aakalang hindi ko kayo pupuntahan.
19 Pero pupunta agad ako sa inyo kung
gusto ng Panginoon, at hindi ang salita ng
mga mayayabang ang susubukin ko
kundi ang kanilang kakayahan. 20 Sapag-
kat hindi salita ang angkop sa kaharian ng
Diyos, kundi ang kakayahan.

21 Ano ba'ng gusto ninyo? Pupunta ba
ako sa inyo na may pamalo o may pag-
ibig at diwa ng kababaang-loob?

---

• **4.8.** Mayaman sa pananampalataya at sagana sa mga kaloob na espirituwal ang pakiramdam ng mga taga-Corinto. Marami silang alam at matatalino kayat bilang mga dalubhasa, mababa ang tingin nila kay Pablo, ang kawawang mangangaral na Judio.

Alam ng apostol na isang magandang hinaharap sana ang hatid sa kanya ng kanyang kaalaman at malakas na personalidad. Nakikita rin niyang makitid ang isip ng kanyang mga katunggali pero hinahayaan niya ng pagtawanan nila siya. Hangal ang tingin nila sa kanya, at medyo nga. Ngunit kahit na naging "hangal" siya sa kanila, inihatid niya sila kay Kristo.

**Itiwalag ang mga imoral na kapatid**

**5** • 1 Bantog ang kahalayang nasa
inyo, at anong kahalayan! Walang
ganito kahit sa mga pagano – na kina-
kasama ng isang tao ang asawa ng kan-
yang ama. 2 At ang yayabang pa ninyo!
Hindi ba't dapat kayong magluksa at
itiwalag ang gumagawa ng bagay na ito?
3 Ako, kahit na wala ako riyan sa katawan,
ay nariyan pa rin sa espiritu. Hinahatulan
ko na parang nariyan ako, ang gumawa
ng bagay na ito. 4 Magtipon kayo pati ang
aking espiritu at sa ngalan ng Panginoong
Jesus at sa kapangyarihan niya, 5 ipa-
ubaya ninyo kay Satanas ang taong ito
para mapuksa ang laman, upang maligtas
ang kanyang espiritu sa araw ng Pangi-
noon.

6 Hindi maganda ang inyong pagya-
yabang. Hindi ba ninyo alam na pinaaalsa
ng kaunting lebadura ang buong masa?
7 Itapon na ninyo ang lumang lebadura at
maging bagong masa kayo. Hindi ba si
Kristo ang naging ating haing Paskuwa?
Kayat kayo naman ang tinapay na walang
lebadura. 8 Kaya magdiwang tayo nang
walang lumang lebadura o lebadura ng
malisya at kasamaan, kundi may tinapay
na walang lebadura na siyang katapatan
at katotohanan.

9 Isinulat ko sa inyo sa aking liham na
huwag kayong makisama sa mga taong
mahalay. 10 Hindi ko tinukoy ang lahat na
mahalay sa mundong ito o mga sakim,
mga ganid o mga sumasamba sa mga
idolo; kung gayon ay dapat kayong
lumabas sa mundo. 11 Pero isinulat ko sa
inyo na huwag ninyong pakisamahan ang
sinumang tinaguriang kapatid na
mahalay, sakim, sumasamba sa idolo, ba-
sagulero, lasenggo o magnanakaw. Ni
hindi dapat makisalo sa ganitong tao.

12 Sapagkat ano ang pakialam kong
humatol sa mga nasa labas? Hindi ba't
ang mga nasa loob ang dapat ninyong
hatulan? 13 Hahatulan ng Diyos ang mga
nasa labas, pero *itiwalag ninyo ang
buktot na tao.*

**Huwag dalhin ang iyong kapatid sa hukuman**

**6** • 1 Kung may kaso laban sa kapwa
ang isa sa inyo, paano siya
nakapangahas na magpahatol sa harap

---

• **5.**1 Alam ni Pablo na hindi makapagsisisi ang isang makasalanan hangga't hindi nito nadarama ang bigat at pait ng kanyang ginawa. Kaya hinihingi ng pamayanan na magdusa siya sa kanyang kalusugan at kabuhayan (basahin sa Job 1:12 at 2:6 ang kahulugan ng *ipinaubaya kay Satanas*). Hindi lamang pantao ang pagtitiwalag na ito. Nakagapos din sa langit ang iginagapos ng Iglesya sa lupa (Mt 18:18). At magpapadala naman ang Diyos ng mga pagsubok na maaaring magsilbing babala sa Iglesya at daan ng pagsisisi para sa makasalanan.

*Kayo ang tinapay na walang lebadura* (7). Kasamang ibinangon kay Kristo sa espiritu ang mga Kristiyano. Tinapay na walang lebadura ang ginagamit ng mga Judio para ipagdiwang ang Paskuwa, gayon di kailangang maging tinapay na walang lebadura ang mga Kristiyano. Kailangan silang mabuhay nang walang sala sa harap ng Diyos upang marapat nilang maipagdiwang ang kanilang Paskuwa, ang pagkabuhay ni Kristo. Inihambing ni Jesus ang kaharian ng Langit sa lebadurang nagpapaalsa sa buong masa. Parehong paghahambing ang ginagamit dito ni Pablo para ipakita ang paglaganap ng kasamaan sa lahat.

*Ang mga di kabilang sa Iglesya* (sinasabi ni Pablo: *ang lahat ng tagamundong ito*) (10). Hindi natatakot ang Kristiyano na makipamuhay sa piling ng mga makasalanan sapagkat una sa lahat, makasalanan din siyang gaya ng iba (1 Jn 1:8-9) at misyon niya ang ipakilala ang awa ni Kristo ng nakisalo sa mga makasalanan. Pero ayaw niyang mamuhay sa isang pamayanan ng Iglesya sa piling ng mga nagmamatigas sa kasalanan at tumatangging ituwid ang anumang eskandalo.

*Ano ang pakialam kong humatol sa mga nasa labas* (12)? Itinuro sa atin ni Jesus ang daang dapat nating sundin. Ngunit hindi natin maaasahang maintindihan at matanggap ng mga di sumasampalataya ang tingin natin sa moralidad tungkol sa pakikipagbalikan, seks, aborsyon, hangga't wala silang kamalayan sa mga pamantayang ibinibigay ng Ebanghelyo. Hindi para hatulan sila ang atas sa mga awtoridad ng Iglesya kundi ang maging mga saksi ng liwanag.

• **6.**1 *Dala namin ang kayamanang ito sa sisidlang-putik* (2 Cor 4:7). Ibang-iba kaysa gusto nating mangyari ang buhay natin sa araw-araw: mga anak ng Diyos na muling isinilang sa Espiritu! Ano ang iisipin ng ating mga kamag-anak tungkol dito! Ng ating mga kapitbahay!

ng di naniniwala at hindi sa harap ng mga
banal na kapatid? 2 Hindi ba ninyo alam
na kayo ang hahatol sa mundo? At kung
kayo ang hahatol sa mundo, hindi ba
ninyo kaya ang mga maliit na kaso?

3 Hindi ba ninyo alam na hahatulan
natin ang mga anghel? Ano pa kaya ang
mga karaniwang bagay? 4 Pero hindi –
kung mayroon kayong mga karaniwang
kaso, humaharap kayo sa mga di igi-
nagalang sa iglesya. 5 Nakakahiya kayo!
Talaga bang wala ni isa man sa inyo ang
maalam na kayang magpasya para sa
kanyang mga kapatid?

6 Subalit nagdedemanda ang kapatid
laban sa kapatid, at sa harap pa ng mga
hindi sumasampalataya. 7 Kabiguan na sa
inyo ang magkaroon ng mga kaso laban
sa isa't isa. Mas mabuti pang tanggapin
ninyong gawaan kayo ng masama, mas
mabuti pang tanggapin na lokohin kayo.
8 Pero kayo pa ang gumagawa ng
masama at nanloloko, at sa mga kapatid
pa. 9 Hindi ba ninyo alam na hindi mag-
mamana ng kaharian ng Diyos ang mga
sakim? Huwag kayong paloloko: ang mga
mahalay, mga sumasamba sa mga idolo,
mga nakikiapid, mga bastos, mga bakla,
10 mga magnanakaw, mga sakim, mga
lasenggo, mga basagulero, at mga ganid
ay hindi magmamana ng kaharian ng
Diyos. 11 At ganyan nga ang ilan sa inyo;
subalit hinugasan na kayo, pinabanal na
kayo, pinawalang-sala na kayo sa ngalan
ng Panginoong Jesucristo at sa Espiritu
ng ating Diyos.

**Mga kahalayan**

• 12 Itinutulot sa akin ang lahat, pero
hindi lahat ay nakakatulong. Itinutulot sa
akin ang lahat pero hindi ako papailalim
sa anuman. 13 Para sa tiyan ang pagkain
at para sa pagkain ang tiyan at pareho
itong pupuksain ng Diyos. Pero ang
katawa'y hindi para sa kahalayan kundi
para sa Panginoon; at para sa katawan
ang Panginoon. 14 Nagbigay-buhay ang

---

Hindi si Pablo ang maghuhukom sa kanila pero ipakikita niya ang kontradiksyon ng pangmamata ng mga Kristiyano sa huwad na "katarungan" ng daigdig at pagtalikod nila sa pagkagahaman sa mga yaman ng daigdig na ito habang sila-sila naman mismo'y nagdedemandahan. Ano ang dapat nilang gawin? Aregluhin nila sa loob ng isang tunay na pamayanan ang kanilang mga usapin ayon sa sinasabi ng Ebanghelyo (Mt 18:15). Napakaganda kung susundin natin ang nakasulat sa Ebanghelyo (Mt 5:40)!

• 12. *Ipinahihintulot sa akin ang lahat pero hindi lahat ay kapaki-pakinabang.* Ang unang bahagi lamang ng pangungusap na ito ang binabanggit ng mga walang-konsiyensya bilang pangangatwiran sa imoral nilang pamumuhay.

*Para sa tiyan ang pagkain... para sa Panginoon ang katawan.* Nililinaw ni Pablo kung ano ang talagang pangkatawan lamang at kung ano naman ang bumubuo sa ating pagkatao. Pangangailangan ng *tiyan* (ibig sabihi'y ng *tao*) ang kumain at uminom. Ngunit sa pakikipagtalik, ang katawan (ibig sabihi'y ang *tao*) mismo ang ibinibigay. At dahil pag-aari ni Kristo ang Kristiyano, hindi niya maibibigay ang kanyang sarili sa isang prostituta.

Parehong problema ang nakakaharap ni Pablo na dahilan ng kanyang pakikisangkot sa 1 Tes 4. Para sa mga Judio, nasa mga kautusan ng Batas ang lahat ng pamantayan sa moralidad. Hindi nila pinoproblema kung mula nga ba sa isang pangmagpakailanmang kaayusan ang mga kautusang ito o bunga ng mga paniwala at kultura ng nagdaang panahon. Kasalanan na basta't ikondena ng Batas na binibigyang-paliwanag naman ng pamayanan sa relihiyon. Ngunit walang alam ang mga Griyego at mga pagano sa batas na ito. Inaalala ni Pablo ang mga kautusang may kinalaman sa seks (5:11 at 6:10; Ef 5:3) tulad ng ginawa ni Jesus (Mc 7:21) pero pinag-iingatan niya na huwag ito ang maging tanging sukatan ng kung ano ang mabuti at masama. Sapagkat para sa kanya, ang buhay ng mga Kristiyano kay Kristo ang umoobliga sa kanila para kontrolin at pigilan ang mga seksuwal na gawain. Mas gusto nilang paunlakan ang tawag ng Diyos kaysa bigyang-kasiyahan ang hinihingi ng kalikasan.

Para sa atin ngayon na dumaranas ng pandaigdigang krisis sa moralidad, malaki ang matututuhan natin sa sagot na ito ni Pablo. Sa loob ng mga dantaon at dala ng pangangailangan, para sa pagkakaanak higit sa lahat, ang naging tingin sa seksuwalidad. At dito nagsimula ang paghahanap sa batas ng kalikasan na nakapangyayari sa seks, kasiyahan at pagkakaanak. Ngunit ngayon, una sa lahat, hindi na para sa pagkakaanak ang pagtatalik kahit na naroon na nga ang hangad na magkaanak. Mula sa pagsulong ng kultura at ng dangal at simulain ng kababaihan, ang pagtatalik para sa mas maraming mag-asawa ngayon ang siyang pagkakataon para sa natatangi at malalim na pagniniig at pagbibigay ng kanilang sarili sa isa't isa.

Gayundin naman, dahil sa pagpapalaya sa sarili at sa

Diyos sa Panginoon at magbibigay-buhay
din siya sa atin.
15 Hindi ba ninyo alam na naging mga
bahagi ni Kristo ang mga katawan ninyo?
At kukunin ko ba ang mga bahagi ni
Kristo upang gawing mga bahagi ng isang
babaeng bayaran? Huwag naman sana!
16 Pero alam ninyo na ang makipag-isa sa
isang babaeng bayaran ay kaisang-
katawan niya. Sinasabi nga: *Ang dalawa*
*ay magiging isang laman.* 17 Ngunit ang
nakikipag-isa sa Panginoon ay kaisang-
diwa niya.
18 Iwasan ninyo ang kahalayan. Ang
anumang iba pang kasalanang maga-
gawa ng tao ay nasa labas ng katawan
ngunit ang gumagawa ng kahalayan ay
nagkakasala laban sa sarili niyang kata-
wan.
19 Tiyak na alam ninyo na ang inyong
katawan ay templo ng Espiritu Santong
nasa inyo, na tinanggap mula sa Diyos. At
hindi na kayo sa inyo. 20 Binili kayo nang
mahal; kaya luwalhatiin ninyo ang Diyos
sa inyong katawan.

**Kasal at pagpapakasakit**

**7** • 1 Sinagot ko ngayon ang mga
isinulat ninyo. Mabuti sa lalaki ang
huwag gumalaw ng babae. 2 Ngunit mag-
ingat naman sa makasalanang pagtatalik;
dahil dito, magkaroon sana ang bawat

---

kababaihan na silang nagpapasan sa lahat ng bigat ng pagiging ina, ipinapalagay rin ngayong para sa ibang panahon at kultura ang lahat ng batas sa moralidad. Laganap at tanggap sa halos lahat ng bansang tinatawag na "maunlad" ang seks sa labas ng pag-aasawa, pati na ang homoseksuwalidad, aborsyon sang-ayon sa pasya ng ina, ang pagiging ina nang hindi nag-aasawa. Hindi maaaring hindi magtanong ang mga Kristiyano, tulad ng kanilang mga kapanahon. Hangga't ipinagpipilitan ng mga tao na may likas na batas na naglilimita sa seks para sa pagkakaanak at sa loob lamang ng buhay-may-asawa, matatali sila sa walang katapusang pagtatalo.

Kaya kailangan nilang gawin ang gaya ng ginawa ni Pablo. Naroon pa nga rin ang mga batas ng Matandang Tipan na tinatanggap ng mga apostol at ng tradisyon ng Iglesya hanggang sa ngayon ngunit kailangan nating sabihin na pagdating sa seks, una sa lahat, ang katwiran ng pananampalataya kay Jesucristo ang sinusunod ng Kristiyano. Hindi ito pagtutuon ng pansin kung ano ang "mabuti" o "masama" kundi ang malinawan kung ano ang hantungan ng gawa at karanasan sa pagmamahal at seksuwalidad. Pagnanais na makapag-ani nang hindi naman muna nagtatanim kung mga batas pang-moralidad tungkol sa seks ang ating ipagsisigawan nang hindi naman muna binibigyang-diin ang pangunahing dangal ng ating pagkatao na nilikhang kahawig ng Diyos at pagkatapos ay itinalaga para kay Kristo sa binyag at pagsampalataya.

• **7.1** Sa kabanatang ito sinisimulan ni Pablo ang kanyang sagot sa mga tanong na isinulat sa kanya ng mga taga-Corinto. Tungkol sa pag-aasawa at kada-lisayan ang una.

Dahil sa buhay-Kristiyano, nabigyang-halaga ang pamumuhay nang dalisay. Ngunit maaari rin namang mga dahilang hindi makakristiyano ang naging daan para sa pagpapahalagang ito. Sa mga Griyego, marami ang nagtuturo na masama at marumi ang anumang nanggagaling sa katawan. Kayat para sa ilang Kristiyano, pagbubuhay-anghel ang pagiging perpekto, at kasama rito ang pagtatatakwil sa pag-aasawa.

Hindi layunin ni Pablo na ituro ang lahat-lahat tungkol sa pag-aasawa kundi nililinaw lamang niya ang kaugnayan ng pag-aasawa at pagiging dalisay. Para kay Kristo ang mga mag-asawa, itinalaga sila sa kanya sa binyag. Kayat hindi sila makapagpapaalipin sa mga hinihingi ng kanilang katawan. Pag-ibig at hindi seks ang pumapatnubay sa kanila.

*Mag-ingat sa makasalanang pagtatalik* (2). "Porneia" ang salitang ginagamit ni Pablo sa Griyego. May iba't ibang kahulugan ang salitang ito: prostitusyon, ilehitimong pagpipisan, at iba pang mga bagay na may kinalaman sa salitang "porno." Maaaring atraksyon sa seks ang tinutukoy ni Pablo, isang puwersang naghihimagsik laban sa mga mithiin nating mabuhay nang wasto (tulad ng pagrerebelde ng laman sa Roma 7:21). Hindi niya sinasabing kailangang mag-asawa "para umiwas sa di-wastong pamumuhay" kundi dahil isang realidad ang seks na may sapat na lakas para makapangyari sa buhay ng tao.

Marami ang nagugulat sa hindi pagsasalita ni Pablo tungkol sa positibong aspekto ng seks bilang bahagi ng pagmamahalan. Tandaan nating dalawampung dantaon ang pagitan natin sa kanya. Sa panahon ni Pablo, pagbabahagi ng sarili ang pinakahuwaran para sa mga Griyego: ang asawa para sa pagkakaanak, ang kaibigan para sa pag-ibig, at ang mga prostituta para sa aliw. Ngunit inilalahad naman dito ni Pablo ang seks bilang komitment ng buong tao (6:13) at hindi "gawa ng laman" – na isang bagay na napakahalaga.

Ang buhay-Kristiyano ang maglalahad sa dangal ng pag-aasawa at pagmamahalan ng mag-asawa. Ngunit sa ikalabindalawang dantaon lang, sa mga bansang Kristiyano, magkakaroon ng kamalayan sa tunay na ganda ng pag-iibigan ng mag-asawa. Ang tunay na naiiba rito'y ang paalala sa pagkakaroon ng parehong karapatan ng mag-asawa – ng lalaki at babae – ayon sa turo ni Jesus (Mc 10:1-12).

lalaki ng sariling asawa, at ang bawat
babae ng sariling asawa. 3 Ibigay ng lalaki
ang nararapat sa kanyang asawa, at ga-
yundin ng babae ang sa kanyang asawa.
4 Wala ngang karapatan ang babae sa
kanyang sariling katawan ngunit meron
dito ang kanyang asawa; gayundin
naman, walang karapatan ang lalaki sa
kanyang sariling katawan ngunit merong
karapatan dito ang kanyang asawa.

5 Huwag ninyong tanggihan ang isa't
isa maliban lang kung pinagkasunduan sa
loob ng takdang panahon upang magsi-
kap kayo sa pananalangin. At pagka-
tapos, magsama kayong muli nang hindi
kayo matukso ni Satanas sa kawalan nin-
yo ng pagpipigil sa sarili. 6 Sinasang-
ayunan ko ito, pero hindi iniuutos. 7 Gusto
ko sana na maging katulad ko ang lahat
ng tao. Pero tumanggap sa Diyos ang
bawat isa ng sariling kaloob; iba-iba ang
mga ito sa bawat isa.

8 Sinasabi ko ngayon sa mga lalaking
walang asawa at sa mga biyuda: Mabuti
para sa kanila kung manatili silang
katulad ko. 9 Pero kung hindi sila naka-
kapagpigil sa sarili, mag-asawa sana sila
sapagkat mabuti pang mag-asawa kaysa
magliyab.

**Kasal at diborsiyo**

• 10 Sa mga may asawa iniuutos ko,
hindi ako kundi ang Panginoon, na huwag
humiwalay ang babae sa kanyang asawa.
11 At kung hiwalay na siya, manatili siyang
walang asawa o makipag-ayos siya sa
kanyang asawa; gayundin, huwag iwanan
ng lalaki ang kanyang asawa.

12 Sa iba naman sinasabi ko, hindi ng
Panginoon: kung may asawang di-
kapanalig ang isang kapatid na lalaki at
pumayag itong makisama sa kanya,
huwag niyang iwanan ito. 13 At kung ang
babae naman ay may asawang di-kapa-
nalig at pumayag itong makisama sa
kanya, huwag niyang iwanan ang
kanyang asawa. 14 Sapagkat pinababanal
ng asawang babae ang asawang di-
kapanalig at pinababanal ng Kristiyanong
asawa ang babaeng di-kapanalig, kung
hindi, sana'y hindi pa rin banal ang mga
anak ninyo; pero banal na talaga sila.

15 Ngunit kung ang di-kapanalig ay
gustong humiwalay, hayaan siyang humi-
walay. Walang pananagutan ang Kristiya-
nong asawa sa mga pagkakataong ito:
tinawag nga kayo ng Diyos sa kapa-
yapaan. 16 At bukod dito, tiyak mo ba,
babae, na maililigtas mo ang iyong

---

*Nang hindi kayo matukso ni Satanas* (5). Alalahanin natin ang mga salitang ito sa pag-uusap natin sa Kristiyanong paraan ng pagpaplano ng pamilya. Sinasabi ni Pablo, na maliban sa natatanging mga pagkakataon kung saan may espesyal na grasyang ipinagkakaloob, hindi mabuti para sa mag-asawa ang lumayo sa pagniniig at pagtatalik sa loob ng mahabang panahon.

• 10. *Sa mga may-asawa, iniuutos ko* (10). At mababasa naman natin pagkatapos, *Sinasabi ko naman sa iba* (12), na mga mag-asawahan pa rin ang tinutukoy. Halos napakaliwanag na mga mag-asawang kinikilala ng Iglesya ang kinakausap ni Pablo sa b. 10; at sa b. 12 nama'y ang lahat ng nag-asawa bago sila nagpabinyag na hindi kasama ng kanilang mga asa-asawa.

*At kung hiwalay na siya...* (11). Binibigyang-diin ni Pablo ang turo ni Jesus (Mt 5:32 at 19:5). Batas ng Diyos ang saligambatas na ito ng pag-aasawa bilang isang komitment hanggang kamatayan: *hindi ako kundi ang Panginoon* (10). Basahin din ang Ef 5:22.

*Kung ang di kapanalig...* (15). Nagbibigay ng eksepsyon si Pablo para sa mga may-asawa na bago sila sumampalataya at nagpabinyag. Sa kasong ito, lumalaya mula sa mga pangako ng pag-iisandibdib ang bagong Kristiyanong nagsisimulang magbagumbuhay kung ayaw ng kanyang asawa ang pagiging Kristiyano niya. Sa kabila ng pagpuri sa hangarin ng Kristiyano na akitin din ang asawa, ipinapayo ni Pablo na may mga pagkakataong mas makabubuti ang maghiwalay pero hindi dahil sa posibilidad na makapag-asawang muli sa bagong pananampalataya. Tandaan natin na nabuhay si Pablo sa isang paganong daigdig kung saan legal at malimit ang paghihiwalay at diborsyo.

*Banal ang inyong mga anak* (14). Sinasabi rin ni Pablo na *nakatalaga sila sa Diyos*. Tama kayang isipin na malayo pa sa Diyos ang mga anak ng mga Kristiyanong magulang hangga't hindi pa nabibinyagan ang mga ito? Sumakanila na ang grasya ng Diyos sa pamamagitan ng kalinga at pag-aaruga at panalangin ng kanilang mga magulang. Huwag tayong gumamit ng mga maling katwiran sa pag-aanyaya natin sa mga Kristiyanong magulang na huwag ipagpaliban ang binyag ng kanilang mga anak.

asawa? At tiyak mo ba, lalaki, na maili-
ligtas mo ang iyong asawa?

• 17 Maliban dito, manatili ang bawat isa
sa kalagayang pinaglagyan sa kanya ng
Panginoon nang tawagin siya ng Diyos. At
ganito ang aking patakaran sa lahat ng
mga iglesya. 18 Mayroon bang tinawag
nang siya ay tuli? Huwag niyang patang-
gal ito. Mayroon bang tinawag na hindi
tuli? Huwag na siyang patuli. 19 Bale-wala
ang pagkakatuli at bale-wala rin ang di-
pagkakatuli; ang pagtupad naman sa
mga utos ng Diyos ang siyang mahalaga.

20 Kaya manatili sana ang bawat isa sa
kalagayan nang siya ay tawagin. 21 Alipin
ka ba nang tawagin? Huwag kang maba-
hala. Pero kung talagang kaya mong ma-
ging malaya, ayos lang na gawin mo.

22 Sapagkat pinalayang tao na sa
Panginoon ang tinawag sa Panginoon na
alipin. At naging alipin ni Kristo naman
ang malayang tinawag. 23 Binili kayo nang
mahal, huwag na kayong maging alipin
ng mga tao.

24 Kaya manatili ang bawat isa, mga
kapatid, sa kalagayan niya nang siya'y
tawagin ng Diyos.

**Kasal at pagiging birhen**

• 25 At ngayon, tungkol naman sa
mga nananatiling di nakikipagtalik, wala
akong utos ng Panginoon, kundi maka-
kapagpayo lamang ako bilang isang
mapagkakatiwalaang tao sa awa ng
Panginoon. 26 Sa palagay ko'y mabuti ito
dahil sa hirap ng buhay ngayon. Mabuting
manatiling ganito. 27 Ikaw ba ay nakatali
sa babae? Huwag mong sikaping maka-
laya. Ikaw ba ay malaya sa babae? Huwag
kang maghanap ng asawa. 28 Pero kung
mag-asawa ka, hindi ka nagkakasala. At
kung mag-asawa ang dalaga, hindi siya
nagkakasala; ngunit may problema ang
buhay may-asawa, at dito ko kayo
iniiiwas.

29 At ito ang sinasabi ko, mga kapatid,
paubos na ang panahon at mamuhay
nawa ang mga may-asawa na waring
walang asawa, 30 at ang mga tumatangis
na waring di-tumatangis at ang mga
natutuwa na waring di-natutuwa, at ang
mga bumibili na waring walang inaangkin.

---

• 17. *Manatiling namumuhay ang bawat isa gaya ng dati...* (17). Narito ang tugon ni Pablo sa pagkauhaw ng mga tao na umunlad at guminhawa ang buhay, na totoo sa lahat ng panahon. Magkakasama noong nabubuhay ang mga malaya at mga alipin, at kadalasa'y magkakasambahay pa. At hindi pagiging mayaman o dukha ang pagkakaiba't iba ng mga tao. Gusto lamang ilagay ni Pablo sa dapat nitong kalagyan ang ambisyong lumalamon sa buhay ng marami kayat nalilimutan tuloy nila ang lahat. Para kay Pablo, mas mahalaga ang kalayaan ng kalooban kaysa kalayaang nagmumula sa labas, at itinuturing niyang higit sa anumang yaman ang maging pag-aari si Kristo.

*Ngunit kung kaya mong maging malaya, samantalahin mo ang pagkakataon.* May mga bagay sa ating pagtatrabaho at pakikipagkapwa na humahadlang sa atin sa pagsasagawa sa kalooban ng Diyos at maging tunay na malaya. Ngunit agad naman nating nalilimutan na sa anumang kalagayang panlipunan, may kung ano pa ring umaalipiin sa tao. Huwag nating ipagkamali ang uri ng pamumuhay sa mas malaking sahod lalo na kung titingnan natin ito ayon sa Ebanghelyo. Sa daigdig na tinatawag nating di-makatao, nasa bugso ng damdamin at sa pagpapadala natin sa mga komersiyal ang ating pagkaalipin.

*"Kung kaya mong maging malaya, samantalahin mo ang pagkakataon"* ang ating salin. Pero maisasalin din ito nang *"Kahit na kaya mong lumaya, samantalahin mo ang kasalukuyan mong kalagayan,"* na sa halip na labis mong pinoproblema ang kabutihan ng pagiging malaya, mabuhay ka nang ganap ngayon.

• 25. Narito ang isa na namang tanong na kailangang sagutin ni Pablo. May masamang reputasyon ang siyudad ng Corinto sa pagkakaroon nito ng libu-libong prostituta malapit sa templo ni Aphrodite ayon sa kaugalian ng mga pagano. Ngunit nadidiskubre ng bagong pamayanan ang daan ng pananatiling birhen.

Hindi paraan para magkaroon ng panahon at kalayaan para sa apostolado ang pagpapasyang manatiling dalisay at walang asawa "alang-alang sa kaharian ng Diyos." Pagtahak ito sa isang landas na may mga bagong posibilidad at pagbubukas ng sarili sa pag-ibig ng Diyos. Ipinagtatanggol ni Pablo ang pasyang ito na ginawa rin niya mismo. Kung buháy at namamalagi sa atin si Kristo na pinagtalagahan natin ng sarili sa binyag, kung siya ang Asawa (Mc 2:19), tama at may bisa ang ating pasya kahit na sa tingin ng marami'y kakaiba itong gaya ng kusang-loob na pagpapakadukha.

[31] At mamuhay nawa ang mga nagta-
tamasa sa mundo na waring hindi ikina-
sisiya ito. Sapagkat pawala na ang ayos
ng mundong ito.

[32] Gusto ko sanang wala kayong ala-
lahanin. Mga bagay ng Panginoon ang
inaalaala ng walang asawa at kung paano
niya bibigyang-kasiyahan ang Panginoon.
[33] Mga bagay ng mundo naman ang
inaalaala ng may-asawa at kung paano
niya bibigyang-kasiyahan ang asawa, at
siya'y nahahati.

[34] Inaalaala ng babaeng walang asawa
o dalaga ang mga bagay ng Panginoon
nang maging banal siya sa katawan at
diwa. At inaalaala naman ng babaeng
may-asawa ang mga bagay ng mundo,
kung paano niya bibigyang-kasiyahan
ang asawa.

[35] Ang inyong kapakanan ang hangad
ko sa pagsasabi nito; hindi ko gustong
bitagin kayo kundi alalayan sa marangal
at tanging paglilingkod sa Panginoon.

• [36] Kung may nag-aakalang baka hindi
niya mapakitunguhan nang maganda ang
kanyang kasintahan, dahil masidhi ang
kanyang damdamin, at dapat niyang
pakasalan ito: isakatuparan niya ang
kanyang pasiya. Wala siyang kasalanan:
hayaang magpakasal sila. [37] Ngunit kung
may iba namang matatag manindigan, di
napipilitan at kayang gawin ang kanyang
ipinasya, mabuti ang ginagawa niya sa
pagpanatiling birhen sa kanyang kasin-
tahan, ayon sa kanyang ipinasya. [38] Kaya
nga gumagawa ng mabuti ang nagpa-
pakasal sa kanyang kasintahan, at ng
mas mabuti ang hindi nagpapakasal.

[39] Nakatali ang babae sa kanyang
asawa habang ito ay buhay pa. Pagka-
matay naman ng asawa niya, malaya na
siyang magpakasal sa kaninumang gusto
niya, sa Kristiyanong kasal nga lamang.
[40] Pero mas maligaya ayon sa aking
palagay ang mananatiling walang asawa.
At sa palagay ko naman, ako rin ay may
espiritu ng Diyos.

**8** • [1] Tungkol naman sa mga pag-
kaing alay sa mga diyus-diyusan:
alam natin na "may kaalaman tayong
lahat". Ngunit nagpapalaki ng ulo ang
kaalaman at nakakagaling naman ang
pagmamahal. [2] Ang nag-aakalang siya'y
may kaalaman ay di pa alam kung paano
dapat makaalam. [3] Subalit ang nagma-
mahal sa Diyos ay nasa kaalaman ng
Diyos.

---

Higit pa sa tanong ng mga taga-Corinto ang sagot ni Pablo sa pagsasabi niyang *"paubos na ang panahon."* Higit pa sa nalalapit na pagbalik ni Kristo ang kanyang tinutukoy, na alam ng lahat ng Kristiyano. Pinaiksi ng pagdating ni Jesus ang panahon. Hindi na tayo maka-pagpapatuloy sa kasalukuyang daigdig tulad nang dati na para bang wala nang bukas. Ngayo'y sa darating tayo nakaharap. Nabubuhay nga sa kasalukuyan ang Kristiyano pero para sa kanya'y ang "pagkatapos" ang pinakamahalaga. Huwag tayong makipagtalo kay Pablo na para bang ipinangangatwiran niya ang mga nangyari dahil sa pagdating ng isang Jesucristo. Hindi siya nagteteolohiya kundi nagsasalita siyang tulad ng isang nasa pag-aari ni Kristo.

At inilalahad ngayon ni Pablo na para sa mga nagnanais mabuhay ayon sa kanilang binyag, malamang na maging sanhi ng pagkakahati-hati ang lahat ng komitment ng Kristiyano. Maaaring maging simula ng maraming hadlang sa kalayaang espirituwal at hangaring mag-apostolado ang buhay-may-asawa o buhay-pamilya: basahin ang mga salita ni Jesus sa Marco 10:29.

• 36. *Kung may nag-aakala...* (36). Maaari rin itong bigyan ng ganitong kahulugan: "Kung may nag-aakalang baka hindi niya mapakitunguhan nang maganda ang birheng kasama niya." Kayat isang espirituwal na pagsubok ang tinutukoy ni Pablo sa pagkakataong ito na siya ngang nangyari sa mga unang yugto ng Iglesya. May ilang lalaking Kristiyano na may babaeng kasambahay, at maaaring magkasin-tahan sila, ngunit kapwa nila itinalaga sa Panginoon na magiging birhen sila. Sa ganitong pagkakataon, aanyayahan sila ni Pablo na huwag ipaggiitan ang gayong komitment kung pakiramdam nila'y hindi nila kayang magpatuloy sa pagiging birhen.

• **8.1** Nabubuhay tayo sa isang lipunang may iba't ibang paniniwala, at marami ang hindi natin kaisa sa pananampalataya kayat itinatanong natin kung minsan kung dapat nga ba tayong makibahagi sa kanilang mga pagdiriwang at gawain na hindi naman tugma sa ating pananampalataya. Halimbawa'y paano pakikitunguhan ang mga kamag-anak o mga kapitbahay na may ibang relihiyon? Ano ang maga-

4 Kaya naman tungkol sa pagkain ng
mga alay sa mga diyus-diyusan: alam
natin na walang pag-iral ang diyus-
diyusan at walang Diyos maliban sa isa.
5 Mayroon talagang mga tinatawag na
diyos sa langit o sa lupa, kayat marami
ang diyos at marami ang panginoon.
6 Gayon pa man, mayroon tayong iisang
Diyos at Ama na siyang pinagmulan ng
lahat ng bagay at patutunguhan natin, at
mayroong iisang Panginoon, si Jesu-
cristo, na sa pamamagitan niya, nayayari
ang sanlibutan at dahil sa kanya, nabu-
buhay tayo. 7 Ngunit hindi lahat ay naka-
kaalam nito. Nasanay ang ilan sa mga
diyus-diyusan hanggang ngayon. Kaya
itinuturing nilang alay sa mga diyus-
diyusan ang kanilang kinakain. Kaya
nadudungisan ang kanilang nalalabuan
pang konsiyensya.
8 Hindi pagkain ang naglalapit sa atin
sa Diyos. Hindi tayo mas masama kung
hindi kumain o mas mabuti kung kumain.
9 Kaya malaya kayo, ngunit mag-ingat at
baka makatisod ito sa mga nalalabuan
pa. 10 Ipagpalagay mong ikaw, na may
kaalaman, ay nakitang nakikisalo sa
templo ng diyus-diyusan, hindi ba mau-
udyukan ang kanyang konsiyensyang
nalalabuan pa upang kumain ng alay sa
mga diyus-diyusan? 11 At bunga ng iyong
kaalaman pala nasisira ang mahina – ang
kapatid na para sa kanya namatay si
Kristo. 12 Kapag nagkakasala kayo laban
sa mga kapatid at nakakasakit sa kani-
lang nalalabuang konsiyensya, kay Kristo

---

gawa ng babaeng may-asawa kung hindi naman niya kaisa ang kanyang kabiyak sa kanyang mga alinlangan? Pupuwede ka bang sumapi sa isang samahan o partido kung salungat naman sa Iglesya ang marami sa mga miyembro nito? Ito ang problemang hinaharap ni Pablo sa pagtalakay niya tungkol sa karneng inialay sa mga diyus-diyusan. Nagpapatuloy sa 10:23–11:1 ang talakayang sinisimulan niya rito.

Maraming iniaalay na hayop sa mga templo ng mga pagano. Pagkatapos ng mga pag-aalay, nagkakaroon sila ng bangkete sa isang silid ng templo, kung saan inihahain ang karne ng inialay na mga hayop. Madalas na inaanyayahan ng mga kaibigan nilang pagano ang mga Kristiyano sa ganitong bangkete. Kung minsan naman, karne ng mga alay na ito ang inihahain sa kanila sa tahanan ng kanilang mga paganong kaibigan. At kahit na sa palengke, mas marami ang karne ng mga hayop na inialay sa mga diyus-diyusan. mga Kristiyano sa ganitong bangkete. Kung minsan naman, karne ng mga alay na ito ang inihahain sa kanila sa tahanan ng kanilang mga paganong kaibigan. At kahit na sa palengke, mas marami ang karne ng mga hayop na inialay sa mga diyus-diyusan.

Ayaw ni Pablo na maging grupo ng mga panatikong hiwalay sa lipunan ang mga Kristiyano. Totoo ngang kasalanan ang pag-aalay ng handog sa mga diyus-diyusan pero hindi ito dahilan para maging di-malinis ang karne. Walang ibang diyos – kaya nga diyus-diyusan sila – kayat wala silang anumang kapangyarihan. Isa pa'y sinabi na ni Jesus na hindi ang pumapasok sa tao ang nagpapaging-di-malinis sa kanya kundi ang lumalabas mula sa kanyang puso (Mc 7:15).

*Nagpapalaki ng ulo ang kaalaman at nakagagaling naman ang pagmamahal.* Makakakain ng karneng iyon ang mga Kristiyanong may kamalayan pagkat malinaw para sa kanila na hindi 'yon kasalanan. Ngunit tungkulin din nilang igalang ang palagay ng iba at iwasang makaeskandalo sa mga wala pang kakayahang umintindi sa kanilang mga dahilan.

Sa 8:2 pinag-iiba ni Pablo ang kaalaman sa Diyos na puwede nating marating at maipahayag sa mga salita at ideya, at ang mas tunay na kaalamang ipinagkakaloob ng Diyos sa mga mahal niya; doo'y bumubukal ang lahat mula sa pamamalagi ng mapagmahal na Diyos na nakikipagniig sa kanya.

Sa mga b. 10, 11 at 12 naman, nagsasalita si Pablo tungkol sa *mahihina* o *walang kamalayan,* ibig sabihi'y mga Kristiyanong wala pang sapat na aral sa pananampalataya o kaya'y di wasto ang naiaral sa kanila. Iniisip nilang kasalanan na ang isang bagay na sa totoo nama'y hindi; o dala ng kanilang kahinaa'y iba ang kanilang sinusunod kahit na labag ito sa kanilang konsiyensya.

*Paano kung may makakita sa iyo, ikaw na may kamalayan, na nakikisalo sa templo ng diyus-diyusan?* Ito ang grabe. May ilan na sa pamayanan na ibang daan na ang sinusundan at ikokondena naman sila ni Juan sa Pagbubunyag (2:23), sila ang mga Nicolaitas. Hangad nilang maging bukas na bukas at huwag humiwalay sa mga di-Kristiyanong nasa paligid nila. Mas gusto nilang huwag ipakita ang kanilang mga paniniwala kayat hindi malinaw kung anong katotohanan talaga ang kanilang pinatutunayan. Sa 10:14-22, maliwanag na sasabihin ni Pablo na hindi maaaring makibahagi ang Kristiyano sa gayong mga bangkete sa templo. Sa ngayo'y hindi niya ito deretsahang sinasabi pero ipinakikita naman niya kung ano ang pupuwedeng makaeskandalo.

• **9.1** *Wala ba kaming karapatang kumain?* Sa pagsasabi sa mga taga-Corinto na isaisantabi ang karapatan nilang kumain ng karneng inialay, ibinibigay

mismo kayo nagkakasala. [13] Kaya nga
kung pagkain ang makakapagpatumba
sa aking kapatid, kailanma'y di ako
kakain ng karne upang huwag matisod
ang aking kapatid.

**Pagtalikod sa sariling karapatan: ang halimbawa ni Pablo**

**9** • [1] Di ba't apostol din akong naka-
kita kay Jesus na ating Panginoon,
at kayo nama'y aking gawa sa Panginoon.
[2] Kung sa iba'y hindi ako apostol, sa
inyo'y apostol ako. Sa Panginoon, kayo
ang katibayan ng aking pagkaapostol [3] at
ito ang sagot ko sa mga naglilitis sa akin:
[4] Wala ba kaming karapatang kumain at
uminom? [5] Wala ba kaming karapatang
samahan ng kapatid na babae tulad din
ng ibang mga apostol at ng mga kapatid
ng Panginoon at ni Kefas? [6] O ako lamang
ba at si Barnabas ang dapat maghanap-
buhay?"

Sino kaya ang nagsusundalo sa sarili
niyang gastos? [7] Sino ang nagtatanim ng
ubasan at hindi kumakain ng bunga nito?
O sino ang nagpapastol ng kawan at hindi
kumukuha ng gatas ng kawan? [8] Kauga-
lian ba ng tao lamang ang sabi ko? Ito
talaga'y sinasabi rin ng Batas: [9] Nakasulat
nga sa batas ni Moises: *Huwag mong
busalan ang bakang naggigiling*. Ang
mga baka ba ang inaalaala ng Diyos [10] o
kami ang tinutukoy niya? Dahil sa amin
kaya naisulat ito. May nag-aararo at
naggigiik sa pag-asang makakabahagi
siya sa ani. [11] Nagpunla kami sa inyo ng
mga bagay na espirituwal, kaya kalabisan
ba kung umani naman kami mula sa inyo
ng anumang materyal? [12] Nakikibahagi sa
inyo ang iba, at hindi ba lalo pang may
karapatan kami? At hindi naman namin
ginamit ang karapatang ito, kundi gusto
pa naming tiisin ang lahat kaysa maka-
sagabal sa ebanghelyo ni Kristo.

[13] Hindi ba ninyo alam na sa templo
galing ang pagkain ng mga may tungkulin
sa templo, at binabahaginan ng nasa altar
ang mga naglilingkod sa altar? [14] Ga-
yundin, itinalaga ng Panginoon na
mabuhay mula sa ebanghelyo ang mga
nagpapahayag ng ebanghelyo. [15] Hindi
naman ako nakikinabang sa alinman sa
mga karapatang ito. At hindi ako sumu-
sulat ngayon upang mapasaakin ang mga
ito. Mamamatay muna ako! Ipinag-
mamalaki ko ito at hindi ito maiaalis sa
akin ninuman.

[16] Sapagkat hindi ko maipagmamalaki
ang pag-eebanghelyo ko: sapilitan itong
ipinagagawa sa akin. Sawi ako kung hindi
ko ipangaral ang ebanghelyo! [17] Kung
kusa ko itong ginawa, meron sana akong
gantimpala; ngunit napilitan ako, kaya,
tumutupad lamang ako sa aking tung-
kulin. [18] Paano naman ako magagantim-

---

na halimbawa ni Pablo ang kanyang sarili at sinasabi sa kanila kung paano niya tinalikuran ang karapatan niyang itaguyod ng mga iglesya. Ang mga iglesya ang nagpapakain sa mga apostol na dumadalaw sa kanila at sila rin ang nag-aasikaso sa mga babaeng Kristiyano na kasama ng mga ito (b. 5) gaya ng ginawa nila kay Jesus (Lc 8:2). Ngunit bilang patunay na di siya nakatali sa anuman, hindi tinanggap ni Pablo ang pribilehiyong ito at nabuhay siya sa gawa ng kanyang mga kamay (Gawa 18:3).

*Atang sa akin ito ng pangangailangan. Kawawa ako kung hindi ko ipangaral ang ebanghelyo* (16). Tulad ng nangyari kay Jeremias (Jer 1), mula sa araw ng pagtawag sa kanya, si Kristong Panginoon naman ang nakapangyari sa buhay ni Pablo.

*Naging anuman ako para kaninuman* (23). Isang gabay ang ibinibigay ni Pablo para sa mga apostol sa lahat ng panahon. Kailangang lubos na malaman ng mga miyembro ng anumang kilusang apostoliko ang kanilang kapaligiran at ang mga suliranin ng kanilang kapwa. Kayat kailangang makibahagi ang mga Kristiyanong ito sa buhay at mithiin ng kanilang kapwa sa lahat ng bagay na hindi makasalanan. Sa pagtulad kay Pablo, na isang Griyego sa piling ng mga Griyego, na hindi panlabas lamang kundi sa realidad, maihahayag nila nang buong katotohanan ang kanilang pananampalataya kay Kristo. Sa gayong paraan nila maiaalok sa mga kasa-kasama nila sa araw-araw ang posibilidad na matagpuan nila balang araw ang kanilang lugar sa Iglesya. Kayat ang buong buhay ng bagong Kristiyano kasama ang lahat ng nasa kanya ang nakaugnay sa kanyang kultura at kalagayan, na siyang babaguhin ng pananampalataya.

palaan? Na sa aking pag-eebanghelyo, ibibigay ko ang ebanghelyo nang libre at hindi ako makikinabang sa pinaubaya ng ebanghelyo sa akin.

19 Malaya man ako sa lahat, nagpa-alipin pa rin ako sa lahat upang makuha ko ang mas marami. 20 Nag-asal Judio ako alang-alang sa mga Judio; dahil hinangad kong makuha ang mga Judio. At nag-asal akong nasa ilalim ng batas alang-alang sa mga nasa ilalim ng batas, upang makuha ko ang mga nasa ilalim ng batas (bagamat hindi ako saklaw ng batas). 21 Nag-asal din akong walang Batas alang-alang sa mga walang Batas, kahit na ako ay hindi walang batas ng Diyos, kundi nasa ilalim ng batas ni Kristo; hinangad ko ngang makuha ang mga walang Batas. 22 Nag-asal mahina ako alang-alang sa mga mahina upang makuha ko ang mga mahihina. 23 Naging lahat ako para sa lahat upang kahit paano'y mailigtas ko ang ilan. Ginagawa ko ang lahat para sa ebanghelyo upang makabahagi ako nito.

**Humihingi ng sakripisyo ang pananampalataya**

• 24 Wala ba kayong natutunan sa istadyum? Kung may karera, tumatakbo ang lahat ngunit iisa ang nagkakamit ng premyo. Kaya nga tumakbo kayo upang magkamit. 25 Lubusang nagpipigil sa sarili ang atletang nagpupunyagi alang-alang sa koronang nalalaos; at di-nalalaos naman ang makakamtan natin.

26 Kaya nag-iingat ako sa pagtakbong di-tiyak. Sumusuntok ako ngunit hindi sa hangin. 27 Hinihigpitan ko ang aking katawan at inaalipin ko ito at baka naman ako pang nangaral sa iba ang bumagsak.

**10** 1 Tandaan ninyo, mga kapatid, na napailalim sa ulap ang lahat ng ating mga ninuno at tumawid sa dagat ang lahat. 2 At sumama silang lahat kay Moises sa pagbinyag sa dagat at sa ulap, 3 at kumain ang lahat ng pagkaing espirituwal, 4 at uminom ang lahat ng iisang inuming espirituwal – isang espirituwal na bato ang sumama sa kanila na mula dito sila uminom, at ang bato ay si Kristo. 5 Gayon pa man, hindi nagustuhan ng Diyos ang karamihan sa kanila: ipinangalat sa ilang ang kanilang mga bangkay.

6 Inilalarawan sa atin ang mga ito upang huwag tayong maghangad ng masama, tulad ng ginawa nila.

7 Huwag kayong sumamba sa mga diyus-diyusan, tulad ng ilan sa kanila, gaya nga ng nakasulat: *Umupo ang mga tao upang kumain at uminom, at saka tumayo upang maglaro.* 8 Huwag tayong gumawa ng mahalay tulad ng ginawa ng ilan sa kanila, at bumagsak sa isang araw ang dalawampu't tatlong libo. 9 At huwag nating hamunin ang Panginoon, tulad ng paghamon ng ilan sa kanila at pinuksa sila ng mga ahas. 10 At huwag kayong magbulung-bulungan tulad ng ginawa ng

---

• 24. Handa na ngayon si Pablo para sabihin sa mga taga-Corinto na hindi sila puwedeng makibahagi sa pagsamba sa mga diyus-diyusan na para sa mga taga-Corinto'y napakahigpit. Dalawang dahilan ang ibinibigay niya bilang paliwanag:

– walang nananalo sa paligsahan sa pagtakbo nang walang sakripisyo;

– maraming halimbawa sa biblia kung paano pinarusahan ng Diyos ang mga sumasamba sa mga diyus-diyusan.

*Mahigpit na disiplina meron ang mga atleta* (25). Tulad nila, maraming bagay tayong dapat talikuran na hindi naman masama. Kailangan natin ng disiplina upang tunay na maging malaya, maging sa pag-inom o paninigarilyo, o sa pag-aaksaya ng panahon sa panonood ng telebisyon o pagbabasa ng mga magasin. Sa patuloy na pag-akit sa atin ng mundo upang maging mga "miron" at "tagaubos," kailangan tayong maging kasangkapan ng pagliligtas, ang maging asin ng lupa. Inaalaala ng ikalawang talata ang halimbawa ng Israel (basahin ang Ex 32 at Blg 21).

*Si Kristo ang bato* (4). Ayon sa mga alamat ng mga Judio, kasa-kasama ng mga Israelita sa kanilang paglalakbay ang batong binabanggit sa Ex 17:5. Walang sinasabi si Pablo na totoo ang alamat. Inaalaala lamang niya ito bilang larawan ni Kristong namamalagi sa kanyang Iglesya.

ilan sa kanila, at pinuksa sila ng Taga-
puksa.
11 Nangyari ang mga ito sa kanila
bilang halimbawa at nasulat ito para
babalaan tayong mga dinatnan ng kata-
pusan ng panahon. 12 Kaya mag-ingat
ang may akalang matatag na siya, at
baka madapa. 13 Hindi higit sa kaya ng tao
ang pagsubok na sumapit sa inyo. Tapat
ang Diyos; hindi niya pababayaang
subukin kayo nang higit sa inyong kaya at
ibibigay din niyang kasama ng pagsubok
ang daan sa pag-iwas at pagtitiyaga.
14 Kaya naman, mga minamahal ko,
iwasan ninyo ang pagsamba sa diyus-
diyusan.

• 15 Matatalino kayo, kaya timbangin
ninyo ang mga salita ko. 16 Ang kopa ng
pagpapala na ating pinagpapala, hindi ba
ito ang pakikibahagi sa dugo ni Kristo?
Ang tinapay na ating pinaghahati-hati,
hindi ba ito ang pakikibahagi sa katawan
ni Kristo? 17 Dahil iisa ang tinapay, nagi-
ging iisang katawan tayong lahat sa paki-
kibahagi natin sa iisang tinapay.
18 Tingnan ninyo ang mga tinatawag na
Israel: hindi ba sila nakikibahagi sa altar
sa pagkain sa mga sakripisyo?
19 Ano bang ibig kong sabihin? May
bisa ba talaga ang pagkaing hain sa
diyus-diyusan? May bisa ba talaga ang
diyus-diyusan? Wala. 20 Pero ito ang
sinasabi ko: Ang mga demonyo, hindi ang
Diyos, ang inaalayan ng mga pagano. At
hindi ko nais kayong makisalo sa mga
demonyo. 21 Hindi kayo puwedeng
uminom sa kopa ng Panginoon at sa kopa
rin ng mga demonyo. Hindi kayo puwe-
deng makisalo sa hapag ng Panginoon at
sa hapag ng mga demonyo. 22 O papa-
pagselosin ba natin ang Panginoon? Higit
ba tayong malakas kaysa kanya?

**Mga praktikal na kalutasan**

• 23 Itinutulot sa akin ang lahat, subalit
hindi lahat ay nakakatulong! Itinutulot sa
akin ang lahat, subalit hindi lahat ay
nakakapagtaguyod. 24 Huwag hanapin ng
sinuman ang kapakanan ng sarili, kundi
ng iba.
25 Kumain kayo ng lahat na itinitinda sa
karnehan nang walang anumang pagka-
balisa ng konsiyensya, 26 sapagkat *sa
Panginoon ang lupa at lahat ng laman
nito.* 27 Kapag inimbita kayo ng sinuman
sa mga di-kapanalig at nais ninyong
pumunta, kainin ninyo ang anumang
ihain sa inyo, nang walang pagkabalisa ng
konsiyensya. 28 Ngunit kung may mag-
sabi sa inyo: "Ito ay isinasakripisyo,"
huwag kayong kumain bilang pakun-
dangan sa nagbababala at sa konsi-
yensya. 29 Hindi siyempre ang inyong
konsiyensya ang aking tinutukoy, kundi
ang sa iba. Hindi mahuhusgahan ng ibang
konsiyensya ang ating kalayaan. 30 Kung
nasa grasya ng Diyos tayo, huwag sana
tayong paratangan dahil sa pagkaing
ipinagpapasalamat natin.

---

• **10.**15. *Ang tinapay na ating hinahati-hati, di ba't pakikipagbuklod ito sa katawan ni Kristo?* (16). Babalikan ni Pablo ang tungkol sa eukaristiya sa 11:18. Bukod sa pagiging personal na pakikipagniig kay Kristo, ginagawa tayong isang katawan ng mahiwagang pakikipagtagpong ito sa Kristong Nabuhay. *Bumubuo tayo ng isang katawan.* Hindi lamang ito nangangahulugan na nagkakaisa tayo kundi ibinubuklod tayo sa kanyang sarili mismo ng Kristong Nabuhay kayat nagkakaroon ng panibagong lakas at sigla ang pamayanan.

*Wala ang diyus-diyusan.* Materyal na bagay lamang na imahen ang diyus-diyusan. Ngunit sa palagay ng mga Judio, at binabanggit ito ni Pablo, na patungkol talaga sa mga demonyo ang pagsamba sa mga diyus-diyusan. Sa pagkahalina ngayon ng mga tao sa kung anu-anong kabaliwan at uso, sa pagsasakripisyo nila sa kanilang mga dinidiyos ng mismong kailangan ng kanilang mga pamilya para mabuhay, at sa lubos nilang pag-asa sa mga taong tulad din nila, alam natin na sa totoo'y ang diyablo nga ang kanilang pinaglilingkuran.

• 23. *Ipinahihintulot sa akin ang lahat pero hindi sa aking kapakinabangan ang lahat* (23). Parehong pangangatwiran ang sinusunod ni Pablo sa 8:1-13. Liban sa mga kasong nabanggit na dapat tumangging makibahagi ang Kristiyano sa anumang

31 Kaya kumain man kayo o uminom, o gumawa ng anuman, gawin ninyo ang lahat para sa ikaluluwalhati ng Diyos. 32 Huwag ninyong pasamain ang loob ng mga Judio o ng mga Griyego o ng Iglesya ng Diyos, 33 kagaya ko rin na nagbibigay-kasiyahan sa lahat ng bagay para sa lahat; hindi nga ako naghahanap ng kapakanan ng sarili kundi ng marami, upang sila ay maligtas.

### Judiong kuru-kuro sa pananamit ng babae

**11** • 1 Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo. 2 Pinupuri ko kayo dahil natatandaan ninyo ang lahat ng aking mga tagubilin at iniingatan ninyo gaya ng pagkakabilin ko sa inyo. 3 Maunawaan nawa ninyo na si Kristo ang ulo ng bawat lalaki at ang lalaki ang ulo ng babae at ang Diyos naman ang ulo ni Kristo. 4 Kapag nagdarasal o nagpopropesiya ang isang lalaki nang may nakapatong sa ulo, ipinahihiya niya ang kanyang ulo. 5 At kapag nagdarasal o nagpopropesiya na walang belo ang isang babae, ipinahihiya niya ang kanyang ulo – kung magkagayon, para na siyang nagpakalbo. 6 Ayaw ba ng babaeng magbelo? Magpagupit siya ng buhok. Ngunit kung nakakahiya sa babae ang magpagupit ng buhok o magpakalbo, magbelo siya.

7 Hindi dapat magtakip ng ulo ang lalaki, yamang larawan at kaluwalhatian siya ng Diyos. At kaluwalhatian naman ng lalaki ang babae. 8 Tingnan ninyo: hindi nagmula sa babae ang lalaki kundi sa lalaki ang babae. 9 At hindi nalikha ang lalaki dahil sa babae, kundi ang babae dahil sa lalaki. 10 Kaya ipakita sa ulo ng babae ang pagsailalim niya, alang-alang sa mga anghel.

11 Sa katunayan, sa mga Kristiyano, ang babae ay hindi hiwalay sa lalaki, at hindi hiwalay sa babae ang lalaki. 12 Nagmula man sa lalaki ang babae, isinisilang naman ng babae ang lalaki. At mula sa Diyos ang lahat.

13 Kayo ang magpasya sa sarili ninyo. Bagay ba sa babae ang magdasal sa Diyos na walang belo? 14 Hindi ba't itinuturo sa inyo ng kalikasan mismo na kahihiyan ng lalaki ang mahabang buhok? 15 Karangalan naman ng babae ang mahabang buhok. Ibinigay sa kanya ang mahabang buhok na parang belo.

16 Subalit kung may gustong makipagtalo, dapat niyang malaman na wala tayong ibang kaugalian, gayundin ang mga iglesya ng Diyos.

### Ang Hapunan ng Panginoon

• 17 At sa mga habiling ito, hindi ko kayo pinupuri sapagkat ang inyong pagtitipon ay mas nakakasama kaysa nakakabuti.

---

masama, pinakapanuntunan pa rin sa pakikipagkapwa ang paghahangad ng mabuti at paggalang sa konsiyensya ng iba.

• **11.**1 Importante bang magbelo ang babae habang nagdarasal sa simbahan? Hinihingi ito ng kaugaliang-Mediterraneo at maaaring galing sa mga "mahiwagang relihiyon" ang bagong kaugaliang ito. Sa naunang talataan (9:20), sinasabi ni Pablo na "anuman siya kaninuman." Ngunit mapapansin natin dito na hindi laging maganda ang tingin niya sa mga kaugaliang taliwas sa tradisyon ng mga Judio. Hindi niya matanggap at mapahalagahan ang higit na kalayaang meron ang kababaihang Griyego sa publiko.

Malaki ang impluwensiya rito kay Pablo ng kaugalian ng mga Judio, na nakasentro sa lalaki, at inuulit niya ang mga argumento ng mga gurong Judio (5-10). At agad din niyang nakikitang tinatanggihan pala niya ang pagkakapantay-pantay na ipinahayag ni Jesus kayat sinisikap niyang "bumaligtad" (11-12). Sa paraan ng pagtatapos ni Pablo sa kanyang paglalahad, makikita nating alam niya mismo ang kahinaan ng kanyang mga argumento.

Huwag nating bale-walain ang mga kislap ng liwanag na ito na bigay sa atin ni Pablo: kalahok sa pagsamba ng mga Kristiyano ang mga anghel (Mt 18:10 at Pag 5:8; 8:3), kahit panlabas na anyo nati'y aktibong pakikibahagi sa liturhiya ng eukaristiya.

Tulong ang talataang ito para maintindihan natin na mga kaugalian lamang at tradisyon ng tao ang maraming bagay sa Iglesya at sa buhay-Kristiyano. At hindi maigigiit ng mga nasa kapangyarihan, tulad ni Pablo, ang mga ito sa pamayanan.

• 17. Itinutuloy ni Pablo ang kanyang paglalahad sa pinakamahalagang gawain ng pamayanang

18 Unang-una, naririnig kong sa inyong
pagtitipon sa iglesya, may mga hidwaan
sa inyo, at naniniwala ako nang bahagya.
19 Kailangan pa palang magkaroon ng
mga pangkat sa inyo upang makilala ang
mga tunay at subok na sa inyo.
20 Kaya sa inyong pagtitipon, hindi ang
hapunan ng Panginoon ang inyong kina-
kain. 21 Sapagkat pag kumakain, nagma-
madali ang bawat isa sa sarili niyang pag-
kain, at may nagugutom at may nala-
lasing. 22 Wala ba kayong sariling bahay
upang doon kumain at uminom? O
hinahamak ninyo ang iglesya ng Diyos, at
hinihiya ang mahihirap? Ano ang aking
masasabi? Pupurihin ko ba kayo? Hindi
ko pinupuri ito.
23 Mula sa Panginoon ang tinanggap ko
at ibinigay din sa inyo. Nang gabing
ipaubaya ang Panginoong Jesus, kumuha
siya ng tinapay 24 at nagpasalamat. At
saka pinira-piraso niya ito at sinabi: "Ito
ang aking katawan na ipinauubaya dahil
sa inyo. Gawin ninyo ito sa pag-alaala sa
akin." 25 Gayon din naman para sa kalis,
matapos maghapunan. Sinabi niya: "Ang
kalis na ito ang bagong tipan sa aking
dugo. Gawin ninyo ito, tuwing kayo'y
iinom, sa pag-alaala sa akin."
26 Sa gayon, tuwing kakanin ninyo ang
tinapay at iinom kayo sa kalis, inihahayag
ninyo ang pagkamatay ng Panginoon
hanggang sa pagdating niya. 27 Kaya
kung may kumain ng tinapay o uminom
sa kalis ng Panginoon nang di nararapat,
nagkakasala siya sa katawan at dugo ng
Panginoon.
28 Kaya siyasatin ng tao ang kanyang

---

Kristiyano – ang eukaristiya. Ang mga salitang ito ang pinakamatandang patunay hinggil sa Hapunan ng Panginoon at sinulat mga taong 55 A.D., na una ng ilang taon sa mga ebanghelyo.

Nagtitipon ang pamayanan sa isang tahanan. Pagkatapos ng hapunan na pinaging-solemne sa pag-awit ng mga salmo, isang panalangin ng pasasalamat ang darasalin ng lider ng pamayanan sa pag-aalaala sa huling hapunan ni Jesus, at inuulit niya ang mga salita nito upang ikonsagra (pabanalin, italaga o ibukod) ang katawan at dugo ni Kristo. Pagkatapos ay nagkokomunyon ang bawat isa sa iisang tinapay at iisang kalis.

Sa 10:16, dalawang aspekto ng Hapunan ng Panginoon ang inaalaala ni Pablo:

– komunyon ito (pagbubuklod) sa katawan at dugo ng Panginoon;

– pahayag ito ng pagbubuklod ng lahat sa pag-ibig: bumubuo tayo ng iisang katawan.

Ipinamumukha dito ni Pablo sa mga taga-Corinto ang kanilang pagkakasala sa dalawang bagay na ito.

*Nagmamadali ang bawat isa sa sarili niyang pagkain* para iwasang makasalo ang mga mas pobre o kaya'y para iwasang makasama ang ilang tao. Madali nating maiisip na kusang naggugrupu-grupo ang mga tao at nagpupunta sa iba't ibang silid ng tahanan, at bawat isa'y sa kauri niya nakikigrupo. Maaaring mas masagana ang salu-salo sa kinaroroonan ng mayayaman samantalang nasa loob lamang ng bakuran ang mga pobre.

*At may naglalasing* kayat hindi siya handang tumanggap sa katawan ni Kristo.

*Sa di n'yo pagkilala sa katawan* (29), na tumutukoy sa

– hindi nakakakilala sa kaibahan ng konsagradong tinapay sa ordinaryong tinapay at hindi tumatanggap nito nang may kaukulang pitagan bilang katawan ni Kristo;

– bumabale-wala sa kanyang mga kapatid sa pagdiriwang ng eukaristiya; hindi niya nakikilala ang katawan ni Kristo na binubuo ng lahat ng Kristiyanong nagkakatipon sa pagdiriwang.

Ang eukaristiya ang sentro at pinakapuso ng buhay ng Iglesya, na higit sa lahat, ay pagbubuklod (komunyon) sa isa't isa. Hindi lamang kasangkapan ang Iglesya sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita, ito rin ang lugar dito sa lupa kung saan nararanasan na ng mga tao ang pakikipagbuklod nila sa isa't isa at kay Kristo.

*Inihahayag ninyo ang pagkamatay ng Panginoon hanggang dumating siya* (26). Ipinaaalaala sa atin ng lahat ng eukaristiyang ipinagdiriwang sa buong mundo sa bawat minuto sa araw-araw na pinupuno ng pagkamatay ni Kristo ang panahon hanggang sa kanyang pagdating.

Hindi titigil ang kasaysayan ni hihinto ang sibilisasyon tulad nang nangyari sa lumipas na mga dantaon. Hindi lamang pag-unlad sa teknolohiya ang nagtutulak sa atin sa pagsulong kundi winawasak din ng paghingi ng katarungan sa pagkamatay ng walang-sala (at nasa walang-sala ang Diyos) ang kasalukuyang kalakaran at kaayusan. Sa pagkamatay ni Jesus, hindi magkakaroon ng pahinga at kapayapaan ang mundo. Ipinaaalaala sa atin ng Iglesya ang kamatayan ni Jesus hindi para mabuhay sa kahapon kundi upang mula sa natatanging pangyayaring ito'y magkaroon tayo ng panibagong lakas at sigla sa pakikipagbalikan at pagtuligsa.

*Kaya marami sa inyo ang matatamlay* (30). Gumagamit ng iba't ibang paraan ang Panginoon upang paalalahanan tayo. Kung minsa'y sa pamamagitan ng pagkakasakit, at kadalasa'y sa panghihina

sarili bago kumain ng tinapay at uminom
sa kalis. 29 Kung hindi, kinakain niya at
iniinom ang kanyang sariling hatol sa
di niya pagkilala sa Katawan. 30 Ito
ang dahilan kayat marami sa inyo ang
mahihina, at masasaktin, at marami na rin
ang humihimlay. 31 Siyasatin natin ang
ating sarili at hindi tayo parurusahan ng
Panginoon. 32 Sa pagpaparusa niya sa
atin, itinutuwid niya tayo upang huwag
tayong mahatulang kasama ng sanlibu-
tan. 33 Kaya, mga kapatid, kung magka-
katipon kayo dahil sa hapunan, mag-
hintayan kayo 34 at kung may nagugutom,
kumain sa bahay. Sa gayon, hindi mauuwi
sa parusa ang inyong pagtitipon.

Ang iba ay iaatas ko pagdating ko.

**Mga kaloob na espirituwal at pagkakaunawaan**

12 • 1 Ito naman ang ibig kong ma-
unawaan ninyo tungkol sa mga
kaloob na espirituwal. 2 Maaalaala na
noong mga pagano pa kayo, dinala ka-
yong parang inalihan sa mga piping
diyus-diyusan. 3 Kaya ipinaaalam ko sa
inyo na kung may nagsasalita sa bisa ng
Espiritu ng Diyos, hindi niya masasabi:
"Sumpain si Jesus." Gayundin walang
makapagsasabi: "Panginoon si Jesus"
maliban sa bisa ng Espiritu Santo.

4 Iba't iba ang mga kaloob ngunit iisa
ang Espiritu. 5 Iba't iba ang mga pagli-
lingkod ngunit iisa ang Panginoon. 6 Iba't
iba ang mga gawain ngunit iisa ang Diyos
na gumagawa ng lahat sa lahat.

7 Nagpapakita ang Espiritu sa pagbi-
bigay sa bawat isa ng kaloob na pang-
kabutihan. 8 Binibigyan ang isa ng pana-
nalita na karunungan sa bisa ng Espiritu,
at binibigyan ang iba ng pananalita na
kaalamang taglay ang mismong Espiritu.
9 Ibinibigay sa iba pa ang pananampala-
tayang bunga ng Espiritu, at sa iba
nama'y ang mga kaloob na pampagaling
na bunga ng iisang Espiritu. 10 Sa iba
nama'y ang kapangyarihang makagawa
ng kababalaghan; sa iba, ang kakaya-
hang magpropesiya; sa iba, ang pagkilala

---

at pagiging anemik sa buhay-espirituwal ng Iglesya. Magiging sapat para pasiglahin ang Iglesya kung matutugunan natin ang mga hinihingi upang marapat na maipagdiwang ang eukaristiya.

• **12.**1 Pansinin natin ang pagkakasunud-sunod na inilalahad ni Pablo: dumarating ang Espiritu kasunod ng Salita na siyang Anak. Bunga ng pagkamatay at pagkabuhay ni Jesus ang mga kaloob ng Espiritu na ipinamamahagi sa kasalukuyan.

Sa Iglesya sa Corinto, ibinubunyag ng Espiritu Santo ang kanyang pamamalagi sa pamamagitan ng pagkakaloob niya sa maraming Kristiyano ng mga espirituwal na kaloob. Namamangha ang lahat kapag may ilan sa kanila na hinipo ng Espiritu at nagsimulang magpuri sa Diyos sa mga pananalitang walang sinumang nakakaunawa. At lalo pa nilang nararamdaman ang pamamalagi ng Diyos sa sandaling ibunyag ng isang propeta kung ano ang nasa konsiyensya ng isa, o magpahayag kaya ng espesyal na mensahe mula sa Diyos.

Inilalahad ni Pablo ang tungkol sa mga kaloob upang magkaroon ng kaayusan. Nagwawala ang mga pagano sa kanilang mga pagdiriwang samantalang pinagiging-responsable naman ng Espiritu ang lahat. Patunay lamang na wala sa isang tao ang inspirasyon ng Espiritu kung nagwawala siya at sumisigaw nang walang-saysay o nakakaeskandalo.

Ipinaaalaala rin sa atin ni Pablo na may iba't ibang aspekto ang mga *kaloob ng Espiritu* (kung minsa'y tinatawag na *karisma*). May mga *kaloob*, na nakikita lalo na sa mga milagro. Pero may mga *ministeryo* rin (5), ibig sabihi'y *paglilingkod*, tulad halimbawa ng pamumuno sa pamayanan. Matatawag ding *mga gawa* ang mga ito sapagkat hindi maipagmamalaki ninuman ang kanyang sarili sa mga ito kundi ang Diyos ang siyang dapat na makita na gumagawa ng lahat ng ito.

Kung sinabi ni Pablong kay Kristo nagmumula ang mga paglilingkod na ito, maaaring akalain ng mga tao na pinakamahalaga sa Iglesya ang kapangyarihan ng mga namamahala rito sa ngalan ni Kristo at kung minsa'y itinuturing na kanyang mga "kinatawan." Ngunit may kaugnayan din sa Espiritu Santo ang mga kaloob at ministeryong ito. Umiihip ang Espiritu kung saan nito nais, at pinararami sa mga Kristiyanong may simpleng kalooban ang mga kaloob at mga pagkilos na bumabago at nagpapasigla sa Iglesya. Hindi lamang mamahala at mamuno sa Iglesya ang misyon ng mga nasa ministeryo (ang mga obispo, mga pari o mga laykong minister) kundi ang kilalanin ang tunay na paggawa ng Espiritu sa pamayanan.

*Namamahagi sa bawat isa ayon sa kanyang pasya* (11). Sa tamang panahon at tamang lugar, ibinibigay ng Espiritu sa Iglesya ang kinakailangan nito. Mababasa natin sa mga talatang ito ang tungkol sa

sa mga espiritu; sa iba, ang kaloob ng
iba't ibang wika, at sa iba'y ang kaka-
yahang magpaliwanag ng mga wikang
'yon. 11 Ang isa at iisang Espiritu ang
gumagawa ng lahat at namamahagi sa
bawat isa ayon sa kanyang kapasyahan.

**Isang katawan, maraming sangkap**

• 12 Tingnan ninyo: iisa ang katawan at
marami ang sangkap nito. At iisang
katawan lang ang mga sangkap kahit na
marami ang mga ito. Gayon din si Kristo.
13 Sa iisang Espiritu, bininyagan tayong
lahat – Judio man o Griyego, alipin man o
malaya – upang buuin ng lahat ang isang
katawan. At sa iisang Espiritu tayong
lahat umiinom.

14 Hindi binubuo ng iisang sangkap ang
katawan kundi ng marami. 15 Sabihin man
ng paa: "Hindi ako kamay kayat hindi na
ako bahagi ng katawan," hindi ba bahagi
pa rin siya ng katawan? 16 Sabihin man ng
tainga: "Hindi ako mata, kayat hindi na
ako bahagi ng katawan," hindi ba bahagi
pa rin siya ng katawan? 17 Kung mata
lamang ang buong katawan, paano pa ito
makaririnig? At kung puro tainga naman,
paano ito makaaamoy?

18 Inilagay ng Diyos ang mga sangkap
sa katawan sa kani-kanilang lugar ayon
sa sarili niyang ibig. 19 Kung ang lahat ay
magkakapareho, paano pa magkakaroon
ng katawan? 20 Kaya nga, iba't iba ang
mga sangkap ngunit iisa ang katawan.
21 Hindi masasabi ng mata sa kamay:
"Hindi kita kailangan," o ng ulo sa mga
paa: "Hindi ko kayo kailangan."

22 At tingnan ninyo: mas kailangan ang
mga sangkap na wari'y mahihina. 23 Higit
nating pinapangalagaan at pinararanga-
lan ang mga sangkap na wari'y di kaga-
lang-galang at di magaganda. 24 Hindi ito
kailangan ng mga sangkap na maganda.
Sa pagsasaayos ng Diyos sa katawan,
higit niyang pinarangalan ang huli 25 nang
di magkaroon ng hidwaan sa katawan
kundi ng malasakitan sa isa't isa. 26 Kung
naghihirap ang isang sangkap, ang lahat
ay naghihirap na kasama nito. At kung
pinararangalan ang isang sangkap, ang
lahat ay nagagalak na kasama nito.
27 Katawan ni Kristo kayo at bawat isa sa
inyo ay sangkap nito. 28 Kaya ang itina-
laga ng Diyos na una sa Iglesya ay ang
mga apostol; ikalawa'y mga propeta;
ikatlo ay mga guro. At saka may himala,
ang kakayahang pagpapagaling o pag-
tulong o pamamahala, at pagsasalita sa
iba't ibang wika.

29 Mga apostol ba ang lahat? Propeta ba
ang lahat? Guro ba ang lahat? Hindi lahat
ay gumagawa ng himala 30 o may
kakayahang pagpapagaling, o nagsa-
salita sa iba't ibang wika, o nakapagpa-

---

pinoproblema ng Iglesya nang panahong iyon, na ibang-iba sa kasalukuyan. Ngayon nama'y ipinapagunita ng Espiritu sa Iglesya ang misyon nito sa daigdig. Maraming Kristiyano ang may mga kaloob na hindi nakikita sa mga himala pero nakapagbibigay-inspirasyon dahil sa huwaran at mabunga nilang pamumuhay. Samantalang nang mga unang panahong iyon, nadidiskubre pa lamang ng mga bagong Kristiyano na kapiling pala nila ang Diyos. Sa mga kaloob ng propesiya, karunungan, pagtuturo, sa araw-araw ay inilalahad ng Iglesya ang di-mabilang na bunga ng pagkamatay at pagkabuhay ni Kristo.

Mga salita ng *karunungan* na nagpapakita ng kakayahang makibagay. Mga salita ng *kaalaman* na nagbubunyag ng kung anong lihim o ng gagawin ng Diyos. *Pananampalataya* (hindi sa karaniwang pakahulugan natin dito, kundi ayon sa Mc 11:22) na nangangahulugan ng katiyakan na may gustong gawin ang Diyos at ibinubunsod tayong humingi ng himala. Kayat nadiskubre ng Iglesya ang pamamalagi ng Diyos sa kanya sampu ng kapangyarihang nagmumula sa pagkamatay at pagkabuhay ni Kristo.

*Iisa ang Espiritu… iisa ang Panginoon… iisa ang Diyos.* Ang Diyos ang bukal ng iba't ibang kaloob na ibinibigay sa Iglesya at ang Diyos din ang huwaran kung paano magkakaroon ng pagkakaisa sa pagkakaiba't-iba.

• 12. Tulong ang detalyadong paghahambing sa katawan para maintindihan natin kung ano ang Iglesya. Ipinakikita rin nito kung paano pupunuan ng bawat isa ang isa't isa at kung paano natin igagalang ang isa't isa.

Hindi tayo magkakaroon ng tunay na pamayanan hangga't hindi makikibahagi sa buhay nito ang bawat isa sa atin, sa pag-aalay ng ating mga talino at kakayahang maglingkod sa kapwa. May mga katangian din at talino kahit na ang pinakahamak, at lilitaw din ang mga

paliwanag sa mga ito. 31 Ngunit adhikain ninyo ang mas dakilang mga kaloob. At ituturo ko sa inyo ngayon ang isang mas mabuting daan.

**Walang regalo na mas hihigit pa sa pag-ibig**

**13** • 1 Makapagsalita man ako ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, kung wala naman akong pag-ibig, para lang akong tansong tumutunog at pompiyang na kumakalantog. 2 Magkaroon man ako ng kaloob ng pagpopropesiya, at makilala ang lahat ng hiwaga at ang panlahat na kaalaman; magkaroon man ako ng ganap na pananampalataya na nakapag-aalis sa mga bundok, ngunit wala akong pag-ibig, bale-wala ako. 3 Ipagkaloob ko man sa mga dukha ang lahat ng sa akin at ibigay ang aking katawan ngunit upang purihin lamang at wala akong pag-ibig, wala akong silbi.

4 Matiyaga ang pag-ibig at may kagandahang-loob. Hindi ito nagseselos, nagmamapuri, o nagmamataas. 5 Hindi gumagawa ng di-tama o tumitingin sa sarili; hindi nagagalit o nagtatanim ng sama ng loob; 6 hindi natutuwa sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan. 7 Ang pag-ibig ay nagbabata sa lahat, naniniwala sa lahat, umaasa sa lahat at nagtitiyaga sa lahat.

8 Ang pag-ibig ay di-kailanman magmamaliw. Aalisin naman ang mga propesiya, magwawakas ang pagsasalita sa mga wika at aalisin ang kaalaman. 9 Sapagkat hindi ganap ang abot ng kaalaman at propesiya, 10 at pagdating ng ganap, mawawala ang di ganap. 11 Nang bata pa ako, nagsalita akong parang bata; nagdamdam akong parang bata, at nag-isip na parang bata. Nang magbinata naman ako, iniwan ko na ang mga ugaling-bata. 12 Gayundin ang nakikita natin, ngayo'y parang larawan sa isang malabong salamin, ngunit pagkatapos, makikita natin nang mukhaan. Ngayon, bahagya ang aking pagkakilala, ngunit

---

ito sa wastong panahon. Kahit na ang kasawiampalad ng isa ay maaaring maging yaman din ng grupong tumatanggap sa kanya. Sa sandaling panindigan ng isa ang pamumuhay bilang Kristiyano, may mga bago at di inaakalang kakayahan na ginigising sa kanya ng Espiritu. Kung bibigyang-pansin natin ang mga katangian ng ating mga kapatid at bibigyang-kamalayan sila sa kanilang dangal at responsabilidad, makakakita tayo ng bagong pagsilang sa Iglesya, na bunga ng Espiritu. Ngunit maaaring matagalan bago mabawi ang mga pinsalang nagawa sa Iglesya sa ilang mga lugar dahil sa pagsasawalang-kibo ng mga Kristiyano sa klerikalisadong simbahan.

Sa pagtatapos ng talata, iniisa-isa ni Pablo ang iba't ibang kaloob ayon sa kahalagahan ng mga ito. Hindi kung alin ang pinakamilagrosa ang una kundi kung ano ang higit na nakatutulong sa pagtatayo ng Iglesya. Kaya mga apostol ang una. Hindi lamang ito ang labindalawang pinili ni Jesus kundi silang mga nagtatag, tulad nila at tinanggap nila, ng mga bagong pamayanan at kasalukuyang namamahala sa mga naitatag na. At kasunod ang mga propeta, na hindi lamang nagpapahayag ng mga salita ng Diyos. Pinatatatag din nila at pinalalakas ang pamayanan sa mga kaloob na pananampalataya at karunungan na nagbibigay-inspirasyon sa kanilang pangangaral.

Nasa pinakahuling lugar ang mga tumanggap ng kaloob na makapagsalita sa iba't ibang wika, gayong sa Corinto'y para na silang nakarating sa langit.

• **13.1** *Ituturo ko sa inyo ngayon ang isang mas mabuting daan* (12:31). Sa pagkamangha ng mga taga-Corinto sa kahanga-hanga't kataka-takang mga bagay na gawa ng Espiritu, sinasabihan sila ni Pablo na tanging pag-ibig lamang ang pinakamahalaga.

Madalas nating marinig sa Ingles ang salitang *charity,* at dati'y kasingkahulugan ito ng pag-ibig. Ngunit sa ngayon, "kawanggawa" na lamang ang pagkaintindi natin dito. Hindi lamang pagkakawanggawa ang ibig sabihin ng tunay na pag-ibig. Para naman sa iba, ang pag-iibigan ng babae't lalaki ang naiisip nilang kahulugan ng pag-ibig. Pero higit pa rito ang gustong sabihin ni Pablo, at ito ang kanyang nililinaw sa mga talatang ito.

*Makapagsalita man ako... magkaroon man ako...* Mas mahalaga ang umibig kaysa gumawa ng himala, mas mahalaga kaysa gumawa ng mga dakilang bagay para sa kapwa, kaysa mamatay para sa isang simulain, na magagawang lahat nang hindi umiibig.

*Nang bata pa ako.* Dito pa lamang ay binabalangkas na ni Pablo ang kanyang sasabihin sa kabanata 15 tungkol sa magiging buhay natin kasunod ng pagkabuhay na muli. Kung paanong kailangang ganap na magbago ang isang higad bago maging paruparo at hindi lamang basta labasan ng mga pakpak, at kung paanong walang saysay para sa matatanda ang laro ng mga bata, gayon din ang kasalukuyan nating buhay – ang ating pagtatrabaho, pag-aaral, pagmamahal, ang pagkakilala natin sa Diyos at sa daigdig, ang buhay ng

pagkatapos, makakakilala ako nang lubusan, gaya ng pagkakilala niya sa akin. 13 Taglay natin ngayon ang tatlong ito: pananampalataya, pag-asa at pag-ibig; ngunit pinakadakila sa mga ito ang pag-ibig.

**Ang mga kaloob ng pagpapahayag at pagsasalita ng mga wika**

**14** • 1 Hanapin ninyo ang pag-ibig at adhikain ang mga kaloob na espirituwal, lalo na ang propesiya. 2 Ang nagsasalita ng mga wika ay hindi sa tao nagsasalita kundi sa Diyos: Walang makauunawa sa kanya. Mahiwaga ang ipinasasabi sa kanya ng Espiritu. 3 Sa mga tao naman nagsasalita ang propeta upang patibayin sila, pasiglahin at aliwin. 4 Sa sarili nagpapatibay ang nagsasalita ng ibang wika; nagpapatibay naman sa Iglesya ang nagpopropesiya.

5 Gusto ko sanang magsalita kayong lahat ng mga wika, ngunit mas gusto kong kayo'y makapagpropesiya. Daig ng nagpopropesiya ang nagsasalita ng mga wika, maliban kung may magpaliwanag sa kanyang sinabi, upang mapatibay ang iglesya. 6 Ipalagay ninyo, mga kapatid, na pumariyan akong nagsasalita ng mga wika: ano ang kabuluhan nito kung wala akong salita para sa inyo, pagbubunyag man, o kaalaman, o pagtuturo?

7 Maging sa pagtugtog man ng plauta, alpa o gitara, paano makikilala ng nakikinig ang tinutugtog kung hindi malinaw ang mga tono at nota? 8 Kung malabo ang tugtog ng trumpeta, sino ang maghahanda sa labanan? 9 Gayon din kayo pag nagsasalita: kung hindi maintindihan ang mga kataga, sinong makaaalam kung anong gusto ninyong sabihin? Para lang kayong nagsasalita sa hangin. 10 Maraming iba't ibang wika sa daigdig at bawat isa'y may kahulugan. 11 Ngunit kung hindi ko alam ang kahulugan ng mga salita, nagiging dayuhan ako sa nagsasalita, at siya rin sa akin.

12 Gayon din kayong nananabik sa mga kaloob na espirituwal: hanapin ninyo ang makapagpapatibay sa iglesya at masa-

---

Iglesya – lahat ay magiging lumipas na kahapon na lamang. Isang uri ng pag-ibig sa Diyos ang naranasan ni Pablo na humawak sa buo niyang pagkatao at nagpabanal sa pinakamakatao niyang pagnanasa. At alam niyang magpakailanman ang hawak na ito ng Diyos sa kanya: walang wakas ang pag-ibig.

*Pananampalataya, pag-asa, pag-ibig* (13). Kadalasa'y pinagsasama ni Pablo ang tatlong pagkilos na ito sa kaluluwa ng Kristiyano. Dito niya ito sinasabi nang buong linaw: walang tunay na pag-ibig na walang pagsampalataya at pag-asa.

*Pinakadakila sa mga ito ang pag-ibig.* May mga pagkakataong ginagamit ang pangungusap na ito sa maling pagkaintindi kung ano talaga ang buhay-Kristiyano. Sinasabi ng ilan, "Gumagawa naman ako nang mabuti sa aking kapwa, ano pa ang hinihingi sa akin ng Diyos?" Hindi mahirap ipaliwanag na limitado, makasarili at hindi dalisay ang gayong pag-ibig. Isang klase ito ng pag-ibig na hindi naging bahagi ng ating pagkatao kayat hindi nito kayang baguhin ang ating buhay. Malaking pag-asa bilang Kristiyano ang kakailanganin natin, una sa lahat, na ibig sabihi'y ang maalab na damdamin para sa mga bagay na magpasawalang-hanggan at pagsusuko ng sarili sa Espiritu na siyang magbibigay-kaganapan sa kanyang gawa ng pag-ibig sa atin. Naaabot ng pag-ibig ang kaganapan kung tayo'y nasa Diyos: *Makikilala ko siya gaya ng pagkakilala niya sa akin.* Hangga't hindi natin nakikita ang Diyos, wala pa sa kahustuhan ang pag-ibig. Ngayon ang panahon upang lumago ang pag-ibig sa tulong ng pagsampalataya at pagkaalam sa salita ng Diyos, at gayon din sa pag-asa at pagtitiyaga sa pagsunod natin kay Jesus bilang dukha, malaya at sa gitna ng mga pagsubok.

• **14.**1 Parang napakagulo ng mga pagtitipon sa Corinto. Hindi marunong magbigayan sa pagsasalita ang mga tao kundi sabay-sabay silang nagsasalita, lalo na ang mga babae. Inaanyayahan sila ni Pablo na tumahimik. Mas importante ang tingin sa sarili ng mga may kahanga-hangang kaloob at wala nang pakundangan sa pinakasimpleng kaayusan. Nagsasalita naman at kumikilos nang kakatwa, at kung minsan nga'y kahiya-hiya pa, ang ilang nagkukunwaring inspirado.

Isang kaayusan ayon sa importansya ang ibinibigay ni Pablo sa higit na pagpapahalaga niya sa mga kaloob na mas nakakatulong sa pagpapatatag sa Iglesya. Inihahambing niya ang Iglesya sa isang gusali. Itinatayo natin ito kapag tinutulungan nating lumago ang ating kapwa para maging mas mabuti at higit na magkaisa. At pag-ibig ang nagpapaging mas mabuti sa tao, at hindi ang pagsasagawa ng mga ekstraordinaryong mga kaloob at karisma gaya ng mga himala at pagsasalita sa iba't ibang wika. Kayat hindi nangangahulugan ng kabanalan ang mga ekstraordinaryong

saganaan kayo. 13 Kaya, idalangin ng
nagsasalita ng ibang wika na maipali-
wanag niya ang kanyang sinasabi.

14 Kung manalangin ako sa mga wika,
nananalangin ang aking espiritu ngunit
walang pakinabang ang aking pag-iisip.
15 Ano ang magagawa ko? Kung manala-
ngin ako sa espiritu, manalangin din sana
ako sa aking pag-iisip. Kung umawit ako
sa espiritu, umawit din sana ako sa aking
pag-iisip. 16 Kung nagpupuri ka sa
espiritu, hindi nauunawaan ng karani-
wang naroroon ang sinasabi mo, at paano
siya makasasagot ng "Amen?" 17 Magan-
da talaga ang pagpapasalamat mo ngunit
walang silbi sa iba.

18 Salamat sa Diyos, higit akong naka-
pagsasalita ng mga wika kaysa inyong
lahat. 19 Ngunit sa kapulungan ay gusto
ko pang magsalita ng limang katagang
mauunawaan at makapagtuturo sa iba
kaysa sampung libong katagang walang
makauunawa.

20 Mga kapatid, huwag kayong maging
isip-bata. Maging musmos kayo sa
kasamaan, ngunit magkaroon nawa kayo
ng ganap na katwiran. 21 Nasusulat sa
Kautusan: *"Magsasalita ako sa bayang ito
sa pamamagitan ng mga ibang wika, sa
pamamagitan ng mga bibig na banyaga,
ngunit hindi nila ako pakikinggan," sabi
ng Panginoon.* 22 Kaya hindi nagiging
tanda sa mga sumasampalataya ang
pagsasalita ng mga wika kundi sa mga di
nananampalataya. Ang pagpopropesiya
naman ay para sa mga mananampala-
taya.

23 Ipalagay ninyong nagtipun-tipon ang
buong iglesya at nagsasalita ng mga wika
ang lahat. At may pumasok na mga
walang kaalaman o di-mananampala-
taya. Hindi ba nila sasabihin na nasisiraan
kayo ng bait? 24 Ngunit kung nagpopro-
pesiya ang lahat at may pumasok na
walang kaalaman o di sumasampalataya,
pinagsasabihan siya ng lahat at ipinaki-
kita ng lahat ang kanyang budhi. 25 Sa
paghahayag sa mga lihim ng kanyang
puso, magpapatirapa siya, sasamba sa
Diyos, at sasabihin: *Talagang nasa piling
ninyo ang Diyos.*

26 Ano'ng ibig kong sabihin, mga
kapatid? Tuwing magkakatipon kayo,
makisali sana ang bawat isa nang may
awit, o pagtuturo, o pagbubunyag, pagsa-
salita ng mga wika, o pagpapaliwanag sa
mga ito. Gawin naman ang lahat para sa
kabutihan.

27 Kung may magsasalita ng mga wika,
sapat na ang dalawa at huwag hihigit sa
tatlo, at hali-halili; at magpaliwanag ang
isa. 28 Kung walang makapagpaliwanag,
mabuti pang manahimik ang tao at
magsalita nang sarilinan sa Diyos.

29 Tungkol sa mga propeta, dalawa o
tatlo ang magsalita at titimbangin ng iba
ang sinabi. 30 At kung may isang nakaupo
na tumatanggap ng isang pagbubunyag,
tumigil na ang nagsasalita. 31 Makapag-
popropesiya kayong lahat nang isa-isa
upang matuto ang lahat at pasiglahin ang
lahat. 32 Sumasailalim sa mga propeta
ang espiritung nagsasalita sa kanila,
33 pagkat Diyos ng kaayusan ang Diyos at
hindi ng kaguluhan.

(Tulad sa lahat ng Iglesya ng mga ba-
nal, 34 manahimik ang mga babae sa loob
ng sambayanan. Hindi ipinahihintulot sa
kanilang magsalita; pasakop nawa sila
tulad ng sinasabi sa Kautusan. 35 Kung
may gusto silang matutuhan, tanungin
nila ang asawa sa sariling bahay. Mahalay
nga sa babae ang magsalita sa samba-
yanan.)

36 Sa inyo ba nagmula ang salita ng
Diyos? O sa inyo lamang dumating?
37 Kung may nag-aakala na propeta siya o
espirituwal na tao, kilalanin nawa niya na
utos ng Panginoon nga ang aking
sinusulat. 38 At kung may hindi kumilala,
siya ang hindi kikilalanin.

39 Kaya nga, mga kapatid, adhikain
ninyo ang pagpopropesiya at huwag pipi-
gilan ang pagsasalita ng mga wika.
40 Ngunit gawin ninyo ang lahat nang
marapat at maayos.

**Ang muling pagkabuhay ni Kristo**

**15** • 1 Dapat kong ipaalaala sa inyo,
mga kapatid, ang Magandang
Balitang ipinangaral ko sa inyo, na inyong
tinanggap at matatag na pinaninindigan.
2 Sa bisa nito kayo maliligtas kung patuloy
ninyong panghahawakan ito gaya ng ipi-
nangaral ko sa inyo; kung hindi, walang
silbi ang inyong dating pagkasampala-
taya.

3 Una sa lahat, ibinigay ko sa inyo ang
tinanggap ko mismo: na si Kristo'y
namatay dahil sa ating mga kasalanan,
ayon sa mga Kasulatan. 4 Nalibing siya at
binuhay muli sa ikatlong araw ayon sa
mga Kasulatan. 5 Napakita siya kay Kefas
at saka sa Labindalawa. 6 Pagkatapos,
napakita siya nang sabay sa mahigit na
limandaang kapatid, na ang karamihan sa
kanila'y buhay pa at ang ilan lamang ang
nahimlay. 7 Pagkatapos, napakita rin siya
kay Jaime, at sa lahat ng apostol. 8 Sa
kahuli-hulihan, napakita rin siya sa akin,
ako na waring ipinanganak nang wala pa
sa kapanahunan. 9 Ako nga ang pina-
kaaba sa mga apostol, ni hindi karapat-
dapat tawaging apostol pagkat inusig ko
ang Iglesya ng Diyos. 10 Ngunit sa kagan-
dahang-loob ng Diyos ay ginawa niya
akong kung ano ako ngayon at hindi
naman nabale-wala ang kagandahang-
loob niya sa akin. Sapagkat nagpagod
ako nang higit sa kanila, bagaman hindi
ako, kundi ang biyaya ng Diyos na
kasama ko. 11 Kaya nga, ako man o sila,
ito ang aming ipinangangaral, at ang in-
yong sinampalatayanan.

12 Ngayon kung ipinangangaral na si
Kristo'y muling binuhay, paano nasasabi
ng ilan sa inyo na walang muling pagka-
buhay ang mga patay? 13 Kung walang
muling pagkabuhay, hindi rin nabuhay na
muli si Kristo. 14 At kung hindi muling
nabuhay si Kristo, walang kabuluhan ang
aming pangangaral at wala ring kabu-
luhan ang inyong paniniwala. 15 At

---

kaloob. Magagamit ng Diyos ang sinuman, kahit na mga makasalanan o mga di-Katoliko, na gumawa para sa kapakanan ng iba. Wala sa kakayahang magpagaling ang pagiging tunay ng isang relihiyon, anupa't dinudumog ito ng mga tao at hinahangaan ng marami. Sa pagiging tapat sa aral ng mga apostol na matatagpuan sa Iglesya ito nakasalalay.

*Nasa ilalim ng mga propeta ang espiritung nagsasalita sa kanila* (32). Magkahalong lagi ang nagmumula sa Espiritu at ang nagmumula sa tao. Pakaingatan ng mga nag-aakalang inspirado sila na huwag pakauntiin ang nagmumula sa Espiritu dahil sa sarili nilang mga paniwala at kagustuhan. Hindi pagwawalang-bahala sa ating pamayanan o sa mga nasa kapangyarihan ang tunay na inspirasyon.

Mula sa simula'y marami na ang naeskandalo sa mga bersikulo 34-35 dahil mabigat ang dating nito sa mga babae kayat inalis ang mga ito sa ibang mga teksto. Kung talaga ngang kay Pablo ang mga ito, kailangan itong intindihin sa liwanag ng 11:1-16. Hindi magkakamali ang apostol pag dating sa pananampalataya. Ngunit walang anumang desisyong may kinalaman sa organisasyon ng Iglesya, galing man ito kay Pablo o sa sinuman, ang masasabing hindi na puwede pang pag-usapan o di na mababali, kahit na sa pagkakataong iyo'y "utos itong mula sa Panginoon."

• **15.1** Ito kaya ang sagot ni Pablo sa huling tanong ng mga taga-Corinto? Para sa maraming Griyego, umaalis sa katawan ang kaluluwang walang-kamatayan at naiiwang mag-isa. Pumapasok kaya ito sa paraiso ng mga kaluluwa? O pumupunta sa "malaking tabihan" ng mga kaluluwa ng mga yumao o kaya'y bumabalik, at nalilimutan na ang lahat ng lumipas na buhay nito sa lupa? Para naman sa iba (at kasama na rito ang maraming Kristiyano), sa kamatayan nagwawakas ang lahat (basahin ang 1 Tes 5:13). Kayat ipaaalaala ni Pablo sa mga taga-Corinto na nasa pinakapuso ng mensaheng-Kristiyano ang pagsampalataya sa pagkabuhay.

*Ipinaaalaala ko sa inyo ang Mabuting Balita.* Mabuting balita nga ito dahil sa mula't mula'y wala tayong alam sa kamatayan at ito ang mabigat na pasanin ng buhay ng tao (Sir 40:1).

*Masasabi bang walang pagkabuhay ang mga patay?* Sa pagkabuhay ni Jesus bilang tunay na pangyayari nagsisimula si Pablo. At pinalalabas niya ang kahihinatnan nito: ang mismong pagkabuhay natin.

Naririnig natin kung minsan kahit na sa mga Kristiyano na hindi talagang nangyari sa kasaysayan ang pagkabuhay ni Jesus. Hindi nga mahahagip at maikukulong sa kasaysayan ang pagkabuhay ni Jesus.

mapapatunayan kaming mga bulaang
saksi tungkol sa Diyos pagkat sinabi
namin sa ngalan ng Diyos na muling
binuhay niya si Kristo, ngunit hindi niya
ginawa ito kung talagang hindi
mabubuhay ang mga patay. 16 Kung
talagang hindi nabubuhay ang mga patay,
hindi rin nabuhay na muli si Kristo, 17 at
kung hindi binuhay na muli si Kristo,
walang silbi ang inyong pananampalataya
at nasa ilalim pa kayo ng inyong mga
kasalanan. 18 At nawala ang mga
nahimlay kay Kristo. 19 At kung para sa
buhay na ito lamang tayo umasa kay
Kristo, tayo na ang pinakakawawa sa
lahat ng tao.

**Binigyan tayo ni Kristo ng daan**

• 20 Ngunit si Kristo ay talagang muling
nabuhay mula sa kamatayan, ang
pangunahin ng mga nahihimlay. 21 Hindi
ba nanggaling sa isang tao ang kama-
tayan? Sa isang tao rin nanggagaling ang
muling pagkabuhay. 22 Namamatay ang
lahat na sumakay – Adan, gayundin
mabubuhay ang lahat na sumakay –
Kristo. 23 Ngunit may kanya-kanyang
panahon: Si Kristo muna, at pagbalik niya
ay ang mga kay Kristo naman.

24 At saka darating ang wakas, kapag
ibinigay niya sa Diyos Ama ang kaharian
matapos hamakin ang lahat ng kaharian,
kapamahalaan at kapangyarihan. 25 Alam
ninyo na dapat siyang maghari hanggang
sa *mapasailalim niya ang lahat ng
kaaway.* 26 Ang huling kaaway na haha-
makin ay ang kamatayan. 27 Nasusulat
nga: *Napasuko ang lahat sa ilalim ng kan-
yang mga paa.*

Sa pagsasabing *napasuko ang lahat*,
maliwanag na hindi kabilang Siyang
nagpasuko ng lahat kay Kristo. 28 Pag-
kasuko sa kanya ng lahat, susuko naman
ang Anak sa Amang nagpasuko ng lahat
sa kanya at magiging ang Diyos na lahat
sa lahat.

---

Alam natin ito at pinaniniwalaan dahil sa mga nagpapatunay nito, at walang ibang paraan ng pagsulong ng kasaysayan. Ngunit may malaking kaibahan: mga patunay na meron tayong ilang ideya ang tinatalakay ng kasaysayan tulad ng sa digmaan, pagtatagpo ng dalawang bayan, o isang imbensyon kaya. Ngunit para sa pagkabuhay ni Jesus, mga pagpapakita lamang ni Jesus o pakikipagtagpo sa kanya ang masasabi ng mga nagpapatunay dito. Ang karanasang ito ang naghatid sa kanila upang maniwala sa isang bagay na higit pa: isang bagay na wala silang kaide-ideya ang sinimulan ni Jesus, nakikibahagi siya kahit na sa kapangyarihan ng Diyos! Kayat pinaniniwalaan natin hindi lamang ang kanilang nakita kundi pati ang kanilang pinaniwalaan, at ibang-iba ito sa mga pangyayari sa kasaysayan (basahin din ang paliwanag sa Mc 16).

*Isinalin ko sa inyo* (3). Hindi kuwento o mito na mga istoryang puno ng karunungan at aral ang aalalahanin ni Pablo. Marami nito ang mga Griyego para maglahad ng isang kaayusan sa mundo o kabuluhan ng buhay, pero mga istorya pa rin siyempre ang mga ito. At ngayon, ganito rin ang tingin ng iba sa pagkabuhay ni Jesus. Para sa kanila, "Hindi mahalaga kung ano talaga ang nangyari. Hindi interesado ang mga ebanghelyo kung anong talaga ang nangyari kay Jesus. Ang mahalaga sa kanila'y nagkaroon ang mga alagad ng lakas ng loob at pag-asa para sa kabilang-buhay dahil sa kakaibang mga pangyayari." Pero ang kabaligtaran nito mismo ang sinasabi ni Pablo: tunay na nangyari ang pagkabuhay ni Jesus.

• 20. Tinanggap natin ang katotohanang ito sa pakikibahagi sa pananampalataya ng mga apostol. At agad namang sinasabi ni Pablo ang ibig nitong sabihin sa atin: papasok din ba tayo sa isa pang uri ng buhay?

*Namamatay ang lahat sa pagka-Adan nila* (22). Basahin ang paliwanag sa Roma 5:12 tungkol kay Adan at kay Kristo. Binibigyang-katauhan ng mga mito ng iba't ibang relihiyon ng lumipas na panahon ang kalagayan ng tao. Ngunit hindi nito nagawang baguhin ang buhay kundi ng bigyang-kahulugan lamang ito. Sinasabi naman sa atin ng pananampalataya na nabuhay sa piling natin at para sa ating lahat ang Anak ng Diyos na naging tao. Isaisantabi natin ang makasarili nating mga pananaw na sariling hantungan lamang ang nakikita. Para sa Diyos, ang buong galaw ng paglikha at pagliligtas ay walang iba kundi kay Adan, kapwa isa at marami. At ganap itong isinabuhay ni Jesus na Tao rin mismo para sa ating lahat.

*At saka darating ang wakas. Ibibigay niya sa Diyos Ama ang kaharian.* Muli nating isaisantabi ang kung anu-anong larawan meron tayo. At alalahanin nating iisa lamang ang Diyos. Dito, ang *Anak* ang Salita ng Diyos na naging tao at nagpasan sa buong ikalawang bahagi ng kasaysayan ng daigdig. Siya na magpakailanma'y bumabalik sa Ama at mula sa kanya siya isinilang – siya ang naghahatid sa sangnilikha sa kawalang-hanggan ng Diyos. Hindi magkakaroon ng muling pagsisimula ng kasaysayan. Magiging lahat-lahat ang Diyos sa lahat, tatanggapin natin ang Diyos mula sa Diyos at mapapasaatin ang lahat, at sa wakas,

29 Kung walang pagkabuhay muli, bakit
may nagpapabinyag alang-alang sa mga
patay? Kung hindi mabubuhay ang mga
patay, para ano pa ang pagpapabinyag
alang-alang sa kanila?

30 At bakit namin isinasapanganib pa
ang buhay namin oras-oras? 31 Kung
talagang kayo ang aking ipinagmamalaki
kay Kristo, totoo rin ang aking sinasabi:
araw-araw nabibingit ako sa kamatayan,
mga kapatid. 32 Kung mga adhikaing
pantao lamang ang ipinaglaban ko laban
sa mga halimaw sa Efeso, ano ang
mapapala ko? Kung hindi muling mabu-
buhay ang mga patay, *Kumain tayo at
uminom pagkat bukas tayo'y mama-
matay.*

33 Huwag kayong magpalinlang: naka-
sisira sa kagandahang-asal ang mga
maling pag-iisip. Mahulasan naman kayo
at huwag magkakasala. 34 Sapagkat ang
kamangmangan sa Diyos ang taglay ng
ilan sa inyo. Nakakahiya kayo!

**Ang katawan ng muling binuhay**

• 35 Maaaring may magtanong: "Paano
mabubuhay muli ang mga patay? Anong
uri ng katawan ang taglay nila sa pag-
dating?"
36 Wala ka bang isip? Hindi mabubuhay
ang iyong inihahasik kung hindi muna ito
mamamatay. 37 Hindi ang puno ng
halaman ang inihahasik mo kundi ang
butil lamang, maging trigo o ano pa man.
38 At binibigyan ito ng Diyos ng katawan
ayon sa kanyang itinakda – sa bawat binhi
ang angkop na katawan. 39 At isa pa: hindi
pare-pareho ang lahat ng laman; iba ang
sa tao, iba sa mga hayop, iba sa mga
ibon, sa mga isda. 40 Meron ding mga
katawang panlangit, at mga katawang
panlupa. Ngunit iba ang kariktan ng
katawang panlangit sa panlupa. 41 Iba rin

---

magiging tunay na sarili natin tayong lahat. At tiyak na higit pa ito sa anumang maaari nating isipin, pero idinudugtong pa ni Pablo: *Ang kamatayan ang huling kaaway na pupuksain* (26). Ganito rin ang sasabihin ni Juan sa Pagbubunyag (21:4).

*Ano ang pagpapabinyag alang-alang sa mga patay?* (29). Maaaring pinoproblema ng ilan sa kanila ang kinahinatnan ng kanilang mga magulang na namatay nang hindi nalalaman ang ebanghelyo kayat nagpapabinyag sila sa kanilang pangalan. Walang opinyong ibinibigay si Pablo hinggil sa gawaing ito. Sinasamantala lamang niya ang pagkakataong ibinibigay nito para ipangatwiran ang pagkabuhay.

• 35. *Paano ibabangon ang mga patay? Sa anong katawan sila darating?* Ganito nga ang malimit nating itinatanong. Gusto nating isipin kung ano ang mangyayari sa atin. Pero paano maiisip o malalaman ng tao ang bagong daigdig na ito na ngayon pa ma'y patuloy pang inihahanda. Hindi ba ito gaya ng isang batang nasa loob pa ng daigdig ng sinapupunan ng kanyang ina at nagsisikap isipin ang mundong pagla-labasan sa kanya?

Walang magagawa si Pablo kundi bigyan ng kaunting liwanag ang hiwagang ito sa paggamit ng mga paghahambing.

*Hindi ang magiging katawan ng inihahasik mo ang iyong inihahasik kundi butil lamang* (37). Nangusap si Jesus tungkol sa butil na inihasik (Jn 12:24). Sa halimbawang ito, sinira niya ang sinaunang mga ideya na meron ang ilan sa atin hanggang sa kasalukuyan: na darating ang mga anghel para ipunin ang alabok ng mga patay, at lalabas ang mga bangkay mula sa kanilang libingan... Sa totoo'y ang katawan natin ngayon ang butil at ang katawan naman natin sa pagkabuhay ang siyang magiging bunga. Hindi ito pagbubuong muli ng kasalukuyang katawang inililibing sa lupa.

*Hindi iisang laman ang lahat ng laman* (39). Ipinapaliwanag ni Pablo na maaaring magkaroon ng iba't iba ngunit magkakahawig na kahulugan ang iisang salita. Halimbawa'y ang salitang "liwanag" na ginagamit para sa sabihin ang pagbibigay-liwanag ng araw, buwan at mga bituin ngunit sa magkakaibang paraan. Sa panahon ni Pablo, ginagamit para sa iba't ibang bagay ang salitang "katawan," pati na para sa araw at mga bituin na tinatawag na "mga katawan sa langit." Kaya sa pagsasabing ibabangon ang mga patay nang may sariling katawan, hindi ito nanga-ngahulugan ng pagkakaroon ng dating hugis (may mga kamay, paa, buhok...) o ng dating buhay, bagamat iyon pa rin siya.

Kung paanong galing sa binhing butil ng trigo ang butil ng trigo, siya pa rin iyon tulad ng dati, taglay ang tatak ng lahat ng nagpalago sa kanya (niloob nga ng Kristong nabuhay na ipakita ang mga tatak ng kanyang pagpapakasakit na taglay ng maluwalhati niyang katawan). Dahil hindi ito magaganap nang mag-isa kaninuman kundi sa pakikipagbuklod at pakiki-pagkapwa, malalaman natin sa kaganapan ng bina-gong-anyo nating pagkatao kung sino ang lubos na nakatulong sa atin para pagyamanin ang ating mga katangian.

*Magkakaroon din ng katawang espirituwal gaya*

ang ningning ng araw kaysa ningning ng
buwan, at iba rin ang ningning ng mga
bituin. Maging ang mga bituin ay nag-
kakaiba ng ningning.
42 Gayon din sa pagkabuhay na muli ng
mga patay. Bubuhaying di-mabubulok
ang inilibing na nabubulok. 43 Bubuhaying
maluwalhati ang inilibing na parang
basura. Bubuhaying may kapangyarihan
ang inilibing na walang kakayahan.
44 Binubuhay na katawang espirituwal ang
inililibing na katawang may hininga. Kung
mayroon ngayong katawang may
hininga, magkakaroon din ng katawang
espirituwal.
45 Nasusulat nga: *Naging nilalang na
may buhay at kamalayan ang unang
taong si Adan.* Ang huling Adan naman ay
naging espiritung nagbibigay-buhay.
46 Hindi nauuna ang espirituwal kundi ang
may kamalayan at pagkatapos lamang
ang espirituwal. 47 Galing sa lupa ang
unang tao, kaya siya makalupa; galing sa
langit naman ang ikalawang tao. 48 Kung
paano ang taong galing sa lupa, gayundin
ang mga galing sa lupa. Kung paano ang
makalangit na tao, gayundin ang mga
makalangit. 49 Kung paanong tayo
ngayo'y larawan ng taong galing sa lupa,
gayundin tayo magiging larawan ng
makalangit.

**Araw ng pagkabuhay**

50 Ito nga ang aking sinasabi, mga
kapatid: Hindi papasok sa Kaharian ng
Diyos ang karaniwang buhay natin. Hindi
makakamtan ng alinmang mabubulok
ang walang pagkabulok na mundo.
51 Pakinggan ninyo ang hiwagang
sasabihin ko: Hindi man mahimlay tayong
lahat, babaguhin pa rin ang lahat, 52 sa
isang iglap, sa isang kisap-mata, sa tunog
ng makalangit na trumpeta. Alam ninyo
na tutunog ang trumpeta; kaya bubuhayin
na di mabubulok ang mga patay at tayo'y
babaguhin. 53 Sapagkat kailangang mabi-
hisan ng buhay na walang hanggan at
walang pagkabulok ang nabubulok at
may kamatayan.
54 At kapag nabihisan na ng buhay na
walang-hanggan at walang pagkabulok
tayong nabubulok at may kamatayan,
matutupad na ang nasusulat: *Anong la-
king tagumpay ang pagkalamon sa
kamatayan.* 55 *Kamatayan, nasaan na
ang iyong tagumpay? Nasaan ang iyong
kamandag?"*
56 Tumuklaw ang kamatayan sa tulong
ng kasalanan, at pinalakas naman ng
kautusan ang kasalanan. 57 Ngunit sala-
mat sa Diyos na nagpatagumpay sa atin
sa pamamagitan ng Panginoong Jesu-
cristo.

---

*ng pagkakaroon ng katawang may hininga* (44). Sa loob galing ang pagkabuhay, tulad ng pagbabagong-anyo. Magkakaroon ng katawan ang bawat isa, ayon sa kung ano'ng marapat sa kanya, isang katawang lubos na makapagpapahayag kung ano ang nangyari sa kanya at kung ano siya sa Diyos. May gaganda pa ba dito? Pero totoo kaya ito? Tiyak ito ni Pablo mula sa kanyang pananampalataya. Hinding-hindi mapatutunayan ng pangangatwiran ang pananampalataya. Tanging ang karanasan lamang sa paggawa ng Espiritu na ngayon pa ma'y bumabagong-anyo na sa atin sa araw-araw ang magbibigay sa atin ng katiyakan, at hindi lamang kutob, kung saan tayo papunta.

*Hindi makapapasok sa kaharian ang laman at dugo; walang anuman sa atin na mabubulok ang makararating sa buhay na walang-pagkabulok* (50). Ito ang oposisyon ng nabubulok at ng di-nagbabago na bagay sa daigdig ng Diyos (Rom 8:21). May sariling katwiran ang buhay: mahirap maniwala sa kabilang-buhay ang mga nagpapasasa sa buhay na ito.

*Hindi lahat tayo ay mahihimlay* (51). Iniisip ni Pablo na babalik agad si Kristo. Kaya sinasabi niyang hindi "magbibiyaheng" kasama ni Kristo papunta sa langit ang mga madaratnan niyang buhay kundi babaguhin sila. Hindi pagkabuhay na muli tulad ng nangyari kay Lazaro ang pagkabuhay na ito.

*Makalupa... makalangit...* (45-49). Dalawang pamana meron ang lahat sa atin: ayon sa ating kalikasan, kaisa tayo sa sangkatauhan kay Adan – *tao, hayop* at *makalupa* – ngunit bahagi rin tayo sa pamayanang ito ng tao na sa mahiwagang paraa'y nabubuo sa paligid ni Kristo, na *Espiritu, bukal ng buhay* at *mula sa langit*. Hindi tayo napalampas dito ng binyag. At sa kabila ng pagiging tapat natin, patuloy pa ring lalaki at bibigat ang ating Adan, sampu ng mga kahinaan nito at tukso. Ngunit lalakas din naman ang nasa ating kalooban, ang binhing ito ng isang makalangit na tao na naghihintay sa tunay nitong pagsilang.

58 Kaya nga, mga kapatid kong mina-
mahal, magpakatatag kayo at huwag
matitinag. Lumago kayo lagi sa gawain ng
Panginoon: alam nga ninyo na sa kanya,
hindi masasayang ang inyong pagod.

**Pagpuri at pagbati**

**16** • 1 Tungkol naman sa abuloy
sa mga banal na kapatid, sumunod
kayo sa iniatas ko sa mga Iglesya sa
Galasya. 2 Tuwing unang araw ng san-
linggo, magbubukod at magtitipon ang
bawat isa sa inyo ayon sa abot-kaya niya
upang huwag simulan ang pag-abuloy
pagdating ko lamang. 3 Pagdating ko sa
inyo pipiliin natin ang mga dapat magdala
ng kaloob na iyon sa Jerusalem at susu-
guin ko sila nang may liham. 4 Kung dapat
din akong maglakbay, isasama ko sila.

5 Pupuntahan ko kayo pagkagaling ko
sa Macedonia. 6 Baka tumigil ako sa inyo
at magpalipas ng taglamig, at saka ninyo
ako ihatid sa aking paglalakbay kung
saanman. 7 Ayokong dadaan lang ako sa
inyo at umaasa akong magtagal nang
kaunti, sa awa ng Diyos. 8 Sa Efeso ako
titigil hanggang sa Pentekostes 9 pagkat
malawak ang pintuang nabuksan sa akin
at may pag-asa kahit na marami ang mga
tumututol.

10 Pagdating ni Timoteo, papanatagin
ninyo ang loob niya habang nasa inyo
siya. Ituring ninyong gumagawa siya sa
gawain ng Panginoon Panginoon na
kagaya ko. 11 Kaya huwag siyang hama-
kin ninuman. Umalis sana siya nang
mapayapa sa pagbalik sa akin. Hihintayin
ko siya, kasama ang ibang mga kapatid.

12 Tungkol sa kapatid nating si Apollo:
mahigpit kong ipinakiusap sa kanyang
pumunta sa inyo na kasama ng mga
kapatid, pero tumanggi siyang mag-
lakbay ngayon. Pupunta siya kung may-
roon siyang pagkakataon.

13 Mag-ingat kayo, magpakatatag sa
pananampalataya. Magpakalalaki kayo
at magpakalakas. 14 Gawin ninyong may
pag-ibig ang lahat. 15 Isa pang tagubilin,
mga kapatid: alam ninyo na naging mga
unang Kristiyano sa Acaya ang samba-
hayan ni Estefanas at itinalaga nila ang
kanilang sarili sa paglilingkod sa mga
kapatid. 16 Kaya pasakop kayo sa ga-
nitong mga tao at sa lahat ng tumulong at
nagpagod kasama nila.

17 Ikinagalak ko ang pagdating nina
Estefanas, Fortunato at Acaico: nang
hindi kayo makaparito, sila ang gumawa
ng hindi ninyo magawa 18 at nagpa-
ginhawa sa akin at sa inyo. Kaya paha-
lagahan ninyo ang mga tulad nila.

19 Kinukumusta kayo ng mga Iglesya sa
Asia. Maalab kayong kinukumusta kay
Kristo nina Akila at Priscila, kasama ang
Iglesyang nagtitipon sa kanilang bahay.
20 Binabati rin kayo ng kapatiran dito.
Magbatian kayo ng banal na halik.

21 Ako, si Pablo, mismo ang sumulat ng
pagbating ito. 22 Sumpain ang sinumang
hindi umiibig sa Panginoon. Maranatha:
*Dumating ka na, Panginoon.*

23 Sumainyo nawa ang pagpapala ng
Panginoong Jesus. 24 Sumainyong lahat
ang aking pag-ibig kay Kristo Jesus.
Amen.

---

• **16**.1 Tungkol sa koleksyon, basahin ang Roma 15:25 at 2 Corinto 8–9.

*Linggo* ang unang araw sa sanlinggo ng mga Judio. Basahin ang Mga Gawa 20:7. Sa panahon ni Pablo, Linggo na siyang araw ng pagkabuhay ni Kristo ang sinimulang ipangilin ng mga Kristiyano, sa halip na Sabado (o Sabat) ni Moises at ng mga Judio.

Sa tulong ng listahan ng mga pangungumusta, makabubuo tayo ng ilang ideya tungkol sa mga unang Kristiyanong ito na nagsalin sa atin ng pananampalataya. Makikita natin na sa kabila ng kanilang kahinaan, bumubuo pa rin ng isang tunay na iglesya ang mga Kristiyanong taga-Corinto. Isa pa rin itong pamayanan kung saan marami ang aktibo at samasamang nagsisikap na malutas ang kanilang mga problema sa buhay "kay Jesucristo."